DSWD
Department of Social Welfare and Development

Pantawid Pamilyang Pilipino Program

ILO 100 1919-2019
SOCIAL JUSTICE DECENT WORK

# Gabay sa Pagpapaunlad ng Pamilyang Pilipino
# Modyul ukol sa *Child Labour*



International Labour Organization (ILO)
Country Office for the Philippines
Marso 2019

Gabay sa Pagpapaunlad ng Pamilyang Pilipino

# Modyul ukol sa *Child Labour*

Karapatang magpalathala © Pandaigdigang Organisasyon ng Paggawa at Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan 2019

**Unang paglilimbag 2019**

Ang mga inilathala ng Pandaigdigang Organisasyon ng Paggawa ay mayroong karapatang magpalathala sa ilalim ng ikalawang Protokol ng Pangkalahatang Kumbensyon sa Karapatang Magpalathala. Gayunman, ang maiksing sipi mula dito ay maaaring muling ihayag ng walang awtorisasyon, sa kundisyong ang pinagmulan ay ipahihiwatig. Para sa karapatang muling ihayag o isalin sa ibang wika, kailangang muling magsumite ng aplikasyon sa Tanggapan ng Paglalathala ng ILO (Karapatan at Paglilisensya), Pandaigdigang Organisasyon ng Paggawa, CH-1211 Geneva 22, Switzerland, o sa [pamamagitan ng pagpapadala ng sulatroniko sa rights@ilo.org. Ang Pandaigdigang Organisasyon ng Paggawa at ang Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan ay magiliw na tatanggapin ang ganitong aplikasyon.
Ang mga aklatan, institusyon at iba pang nakatalang gagamit nito na karapatang muling maghayag, ay maaaring gumawa ng sipi ayon sa mga lisensyang naigawad sa kanila layuning ito. Bisitahin lamang ang www.ifrro.org upang makita ang karapatang muling maghayag na naaayon sa inyong bansa.

---

ISBN 978-92-2-133109-4 (print)
ISBN 978-92-2-133110-0 (web pdf)

---

Ang paghirang na ginamit sa paglalathala ng ILO, na alisunod sa nakasanayan ng Nagkakaisang mga Bansa (United Nations) at ang presentasyon nito ay hindi sumasalamin sa mga pananaw ng Pandaigdigang Organisasyon ng Paggawa o sa Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan na may kinalaman sa legal na estado ng isang bansa, lugar o teritoryoo ng awtoridad nito o may kinalaman sa pagtatakda ng hangganan nito.
Ang responsibilidad sa opinion na nakapaloob sa pinirmahang artikulo , pag-aaral o iba pang kontribusyon ay nakasalalay lamang sa mga may akda, at ang paglalathala ay hindi nangangahulugan ng pag-eendorso ng Pandaigdigang Organisasyon ng Paggawa o ng Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan ng mga opinion na nakasaad dito.
Ang paggamit ng mga pangalan ng tanggapan mga produktong komersyal, o mga organisasyon na nabanggit sa materyal ay hindi rin ito pag-endorso ng Pandaigdigang Organisasyon ng Paggawa o ng Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan, at ang kakulangan sa pagbanggit ng particular na tanggapan mga produktong komersyal ay hindi rin nangangahulugan ng di pag-sang-ayon.
Ang mga impormasyon ukol sa mga inilathala ng ILO at mga digital na produkto ay maaaring matagpuan sa: www.ilo.org/publns.

---

Inilathala sa Pilipinas

---

Ang pagpapa-imprenta sa materyal na ito ay pinondohan ng United States Department of Labor (USDOL) na nakapaloob sa agreement number IL-24943-13-75-K ng Proyektong “Country Level Engagement and Assistance to Reduce Child Labour (CLEAR)” (GLO/13/22/USA).

Ang materyal na ito ay hindi sumasalamin sa mga pananaw o polisiya ng United States Department of Labor. Hindi rin ito pag-endorso ng United States Government sa trade names, mga produktong komersyal, o mga organisasyon na nabanggit sa materyal. 100 porsiyento ng halaga para sa Project GLO/13/22/USA ay ginastusan ng federal funds, na may kabuuang halaga na USD 7,950,000.

May Akda: Carla Cuntapay-Magalona
Lumikha ng Sining Biswal: Ayesha H. Sayseng
Layout: Elvie Jo C. Robis at Ayesha H. Sayseng

# Mensahe mula sa Kalihim



Nilalayon sa lahat ng pagkilos sa usaping pambata na tingnan ang kung ano ang pinakamahusay na interes o pinakamakabubuti para sa bata. Mayroon tayong batas na nagiging gabay para maisakatuparan ito. Isinasaad sa RA 9231 sa lahat ng pagsisikap na ginagawa ay dapat itaguyod ang kapakanan ng mga bata at bigyan ng pagkakataon na magkaroon ng kapaki-pakinabang at masayang pamumuhay.

Ang Pilipinas ay matagal nang nagtataguyod upang labanan ang *child labour*, nagsimula ito sa pagsasaayos ng edad ng bata na pwedeng magtrabaho, ano ang mga angkop na parusa para sa paglabag sa mga legal na probisyon at ang pagbibigay ng espesyal na proteksyon mula sa lahat ng uri ng mga kondisyon na kung saan ay mapanganib at makaaapekto sa kanilang kalusugan at normal na pag-unlad. Simula noong 1952, sa pamamagitan ng pagsasabatas ng RA 679 na karaniwang kilala bilang *"Women and Child Labour Law,"* ang bansa ay nagsumikap na magbigay ng mas malakas na hakbang sa proteksyon at pag-iwas laban sa iba't ibang anyo ng pang-aabuso, diskriminasyon at pagsasamantala na nasasaad sa ibang batas tulad ng PD 148 at PD 603 na naisabatas noong 1972, RA 7610 noong 1992, RA 9231 noong 2003, at ng *United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC)* noong 1989.

Ang child labour ay ilegal. Ito ay gawain kung saan ang mga bata ay pinagkakakitaan, ang kanilang potensyal at katauhan ay ginagamit, na nakahahadlang sa kanilang pisikal at mental na pag-unlad. Sa Pilipinas, ang *child labour* ay isang malaking suliranin na tumutukoy sa pang-aalipin at pagpapagawa sa mga bata na mapanganib sa kanilang kalusugan at kaligtasan.


Bukod sa sama-samang pagkilos para labanan ang *child labour*, ang pangunahing pangangailangan ay ang pagpapalalim sa kaalaman ng mga tao patungkol sa isyu. Sa pamamagitan nito ay mamumulat ang mga pamilya at komunidad tungo sa paggawa ng aksyon laban dito.

Ang Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan (DSWD) ay masigasig na nagtatalakay at nagsasagawa ng mga gawain upang masugpo ang mga suliranin hinggil sa child labour. Ang inisyatibong ito ay pinalakas sa pamamagitan ng *Family Development Session (FDS)* sa ilalim ng programang Pantawid Pamilya.

Layunin ng kagawaran na matulungan nang lubos ang mga magulang at maituro sa kanila ang higit na pang-unawa sa mga ugat, sanhi at epekto ng *child labour*. Nais din ng kagawaran na mabigyang-diin ang pag-aaral, kalusugan at pagpapaunlad ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng paggamit ng Modyul ukol sa *child labour* sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program.

ROLANDO JOSELITO D. BAUTISTA
Kalihim
Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan

# Mensahe mula sa Direktor ng ILO



The International Labour Organization (ILO) stands for a world without child labour. Children should not work in fields, in mines, on the streets, and in areas, which put their health or lives at risk.

The Philippines has scaled up its fight against child labour. Despite progress, challenges remain given the complexity of child labour, which is deeply rooted in poverty. The ILO works with the government, employers, workers, communities, international and non-government organizations, and partners in the country to combat child labour. We believe that a convergence approach is crucial to help children achieve their dreams and to end child labour.

This Child Labour Module developed by the Department of Social Welfare and Development (DSWD) is part of the convergence approach. This module will be included in the Family Development Sessions (FDS) with beneficiaries and communities under the Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps). This module has been developed and enhanced through extensive consultations the National Child Labor Committee (NCLC) chaired by the Department of Labor and Employment (DOLE).

We hope that those who will use this module, including the municipal and city links involved in the 4Ps implementation and monitoring will take action against child labour. This is a tool that will help them identify, protect, rescue and assist children in child labour, mostly in the informal sector and in vulnerable communities. It will help them recognize and assess whether the community environment is protective for children, and how it can be strengthened, while involving their family and community. We are deeply grateful to the United States Department of Labor for supporting and funding this effort through the Country Level Engagement and Assistance to Reduce Child Labor (CLEAR) Project. It is only by working together that we can help children reach their dreams and ensure a bright future ahead – a future without child labour.

KHALID HASSAN
Director
International Labour Organization (ILO)
Country Office for the Philippines

# Paunang salita



Ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program ay naglalayong panatilihing malulusog at nasa paaralan ang mga kabataan tungo sa pagpapalakas ng yamang-tao ng bansa. Isa sa sangkap ng programa ay ang *Family Development Session (FDS)*. Ito ay buwanang sesyon para sa mga magulang/benepisyaryo ng Pantawid Pamilya na tumutulong sa pagpapatibay ng kanilang pagiging magulang at paghihikayat sa kanilang paglahok sa komunidad.

Ang FDS Modyul ukol sa *Child Labour* ay ginawa upang suportahan ang mga sesyon ng FDS ukol sa proteksyon ng kabataan. Sa pamamagitan ng modyul na ito at ng FDS, pinapangarap ng programa na maisulong ang pagkakaroon ng mga komunidad na malaya sa *child labour*. Sumusuporta ito sa pagsisiguro ng mabuting pagbabago ng ugali at gawi ng mga benepisyaryo tungo sa mas mabigat na pagpapahalaga sa edukasyon at pangkabuuang pag-unlad ng kanilang mga anak.

Ang modyul na ito ay isang pagkakataon para sa mga kalahok na magkaroon ng angkop at sapat na kaalaman at kakayanan upang sugpuin ang *child labour*. Ang mga kalahok ay inaasahang (1) maipakita ang pag-unawa sa isyu ng *child labour*, ang epekto nito sa kabataan, pamilya, at komunidad; (2) makilala ang mahalagang papel ng mga magulang sa pagsisiguro ng karapatang pambata; halimbawa: edukasyon, paglalaro at pag-unlad; (3) maipaliwanag ang mga pamamaraan upang mailayo ang kabataan sa *child labour*; (4) maipaliwanag ang mga programa at serbisyo na lumalaban sa *child labour*; at (5) magplano ng mga aksyon laban sa *child labour*.

Upang makamit ang mga layuning nabanggit, ang modyul na ito ay magbabahagi ng mga mensahe patungkol sa depinisyon ng *child labour*; ang pagkakaiba nito sa *child work*; at mga epekto ng *child labour* sa bata, pamilya, komunidad at bansa. Hihikayatin rin ng modyul na ito ang mga Pantawid Pamilyang Pilipino na magplano bilang mga magulang, pamilya at grupo upang sugpuin ang *child labour*.

Ang modyul na ito ay para sa gabay ng mga *City/Municipal Link* at iba pang mga tagapagpadaloy ng FDS patungkol sa *child labour*. Maaari ring ibahagi ang modyul na ito sa mga kaagapay ng programa at ng pamahalaan sa paglaban at pagsugpo sa *child labour*.

UNDERSECRETARY CAMILO G. GUDMALIN
Deputy National Program Manager for Operations
Pantawid Pamilyang Pilipino Program

# Talaan ng nilalaman


Mensahe mula sa kalihim iii

Mensahe mula sa direktor ng ILO v

Talaan ng nilalaman vii

Mga talaan at imahe ix

Gabay sa tagapagsanay/tagapagturo/tagapagpadaloy 1

Kurikulum 3

Sesyon 1: Pag-unawa sa *child labour* 6

- Aralin 1: Ang pangarap ng bawat magulang para sa anak 9
- Aralin 2: Mga suliranin at hadlang sa pagtupad ng pangarap para sa mga bata 11
- Aralin 3: *Child labour* at *child work* 14

Sesyon 2: Epekto ng *child labour* 24

- Aralin 1: Mga sanhi ng *child labour* 25
- Aralin 2: Mga epekto ng *child labour* sa bata, sa pamilya, komunidad at bansa 26

Sesyon 3: Pagtugon sa *child labour* 32

- Aralin 1: Ang aking tugon bilang magulang 33
- Aralin 2: Mga inisyatibo at aksyon laban sa *child labour* 35

Bibliograpiya 39

Mga sangguniang babasahin 40

Proseso sa pagtugon sa mga kaso ng abuso, kapabayaan at eksploytasyon sa bata 41

Mga maaaring palabas tungkol sa *child labour* 42

# Mga akronim

| | |
|---|---|
| DOLE | Department of Labor and Employment |
| DSWD | Department of Social Welfare and Development |
| FDS | Family Development Session |
| ILO | International Labour Organization |
| PSA | Philippine Statistics Authority |
| RA 9231 | Republic Act 9231 o an Act Providing for the Elimination of the Worst Forms of Child Labor and Affording Stronger Protection for the Working Child |
| RA 10364 | Republic Act 10364 o an Expanded Anti-Trafficking in Persons Act of 2012 |
| SBM | Sagip Batang Manggagawa |
| WIIFM | *What's in it for me?* |

# Mga talaan at imahe

Talaan 1: Kaibahan ng *child labour* at *child work* 16
Ilang Imahe ng *child labour* sa Pilipinas 18
Talaan 2: Mga karaniwang paniniwala tungkol sa *child labour* 21
Talaan 3: Epekto ng *child labou*r sa bata 28
Talaan 4: Mga programa laban sa *child labour* 37

# Gabay sa tagapagpadaloy at tagapagturo

Mahalaga ang paghahanda upang matiyak na maaabot ang layunin ng mga aralin sa paraang kasiya-siya para sa mga kalahok gayundin sa tagapagsanay/tagapagturo/ tagapagpadaloy. Kaya't hinihikayat na pag-aralan ang mga sumusunod na gabay:

1. **Kilalanin at alamin kung sino ang mga kalahok at ang kanilang WIIFM**. Kilalaning mabuti ang mga kalahok – ang kanilang edad, bilang ng anak, pinagkakakitaan, sitwasyon ng pamilya at sitwasyon ng mga bata (lalo na kung mayroong nagtatrabaho o hindi nag-aaral na batang anak), ang komunidad kung saan sila nakatira – upang mas mailapat sa kanilang sitwasyon ang bawat sesyon sa modyul na ito. Mahalaga ring malaman kung ano ang kanilang pananaw sa "WIIFM" o *what's in it for me?* o ang pananaw sa kung ano ang kapakinabangan sa kanila ng matutunang aralin sa modyul na ito. Sa pamamagitan nito ay mapaghahandaan kung paano isasagawa ang mga sesyon na magiging kapana-panabik at kapaki-pakinabang para sa mga kalahok.
2. **Maging pamilyar sa kaayusan at istruktura ng modyul.** Ang modyul ay binubuo ng tatlong sesyon at ang aralin ng bawat sesyon ay binubuo ng mga sumusunod na bahagi:

    a. **PAMAGAT** – naglalaman ng paksa ng sesyon

    b. **LAYUNIN NG SESYON** – naglalaman ng inaasahang resulta ng sesyon

    c. **LAYUNIN NG ARALIN** – naglalaman ng inaasahang resulta ng bawat aralin

    d. **HABA NG ORAS** – naglalaman ng takdang panahon na gagamitin sa paggawa ng mga aktibidad upang makamit ang layunin

    e. **MATERYALES** – listahan ng mga gagamitin sa paggawa ng mga aktibidad

    f. **PAMAMARAAN** – nagsasaad kung paano padadaluyin ang mga sesyon o aralin

    g. **PROSESO** – nagsasaad ng bawat hakbang sa pagsasagawa o pagpapadaloy ng mga aktibidad, aralin at sesyon

    h. **ALTERNATIBONG AKTIBIDAD** – naglalaman ng alternatibong gawain na maaaring piliin kung hindi handa o sapat ang oras o materyales para isagawa ang naunang nabanggit na proseso

    i. **GABAY SA PAGPOPROSESO/DISKUSYON** – naglalaman ng mga katanungan na makakatulong sa pagbabahagi ng mga kalahok ng kanilang mga karanasan sa aktibidad o gawain at pag-uugnay ng mga ito sa paksa

    j. **GABAY SA LEKTURA AT TALAKAYAN** – naglalaman ng impormasyon bilang gabay ng tagapagturo/tagapagpadaloy sa paglalahad at pagpapaliwanag ng paksa at mga dapat tandaan dito

    k. **PAGPAPALALIM** – nagsasaad ng gabay sa tagapagsanay upang mapalalim at masigurado ang pag-unawa ng mga kalahok sa aralin. Sa puntong ito ay maaari

ring subukan ang paniniwala ng mga kalahok at maging ang kaalaman ng tagapagsanay.

l. **PAGLALAGOM** – naglalaman ng mga puntos na magbubuod sa mga kaalaman na natutunan at naibahagi sa sesyon

m. **PAALALA SA TAGAPAGPADALOY** – nagbibigay ng mga karagdagang gabay at mahahalagang paalala sa tagapagsanay para sa epektibong pagpapadaloy ng aktibidad/aralin/sesyon.

3. **Pag-aralan ang modyul.** Bigyang-diin ang layunin at ang gabay sa lektura at talakayan upang mas maging maliwanag kung ano ang tunguhin ng bawat sesyon. Ang mga pamamaraan at prosesong nabanggit sa modyul na ito ay ilan lamang suhestiyon na maaaring dagdagan o baguhin batay sa pangangailangan ng mga kalahok at kahandaan ng mga materyales. Hindi kinakailangang sundin ang bawat nakasaad sa modyul; ang mas mahalaga ay maabot ang layunin.

4. **Ilapat o ibangga ang bawat aralin sa konteksto at reyalidad ng mga kalahok.** Importanteng maisakonteksto ang mga sesyon sa karanasan ng mga kalahok upang mapalabas ang totoong sitwasyon ng mga *child labourers* sa bawat pamilya at komunidad. Mas magiging kapakipakinabang sa mga kalahok kung ang matututunan nila sa modyul na ito ay kanilang maisasagawa sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay; kung kaya't marapat na maging sensitibo ang tagapagsanay/tagapagturo/tagapagpadaloy sa konteksto ng komunidad at ng pamilya ng mga kalahok.

5. **Isama sa pagpaplano at paghahanda ang *resource speaker* at *parent leaders*.** Makabubuti para sa FDS na maging bahagi ng pagpaplano ang tukoy na tagapagsalita o *resource speaker* upang mapagkasunduan kung paano maibabahagi nang mas epektibo ang mga lektura na naaayon sa sitwasyon ng mga kalahok. Makatutulong din ang kaalaman ng mga *parent leaders* tungkol sa kanilang mga kasamahan sa grupo at komunidad sa pagsasakonteksto ng mga sesyon.

6. **Kumuha ng tugon at reaksyon mula sa mga kalahok matapos ang FDS.** Isang malaking pakinabang sa mga kalahok at sa tagapagsanay/tagapagturo/tagapagpadaloy ang malaman ang naging karanasan ng mga kalahok ukol sa napagdaanang aralin/sesyon. Ang tugon na makukuha sa kanila ay magiging ambag sa pagpapabuti ng modyul at ng mga susunod na FDS tungkol sa *child labour*. Makatutulong din ang ang kanilang mga tugon sa pagpoproseso ng kanilang mga natutunan at paglilinaw kung mayroon mang katanungan o agam-agam tungkol sa mga aralin.

# Kurikulum

| Pamagat ng aralin | Mga layunin | Nilalaman | Pamamaraan | Mga kailangang materyales |
|---|---|---|---|---|
| **Sesyon 1: Pag-unawa sa *child labour*<br>Haba ng sesyon: 2 oras at 30 minuto**<br>Mga layunin ng sesyon:<br>1. Matukoy ang kanilang mga pangarap at hangarin para sa kanilang mga anak;<br>2. Matukoy ang mga sitwasyon na humahadlang sa pag-abot ng kanilang mga pangarap;<br>3. Mabigyang-kahulugan ang konsepto ng *child labour*; at<br>4. Matukoy ang pagkakaiba ng *child labour* at *child work*. | | | | |
| **Aralin 1: Ang pangarap ng bawat magulang para sa anak** | Makabuo ng biswal na imahe ng kanilang mga pangarap para sa kanilang mga anak na magiging paalala kung bakit sila nagpupursigi sa buhay at handang gawin ang lahat para mabigyan ito ng magandang buhay. | Tinatanging pangarap ng mga magulang para sa kanilang mga anak na nagsisilbing inspirasyon sa kanilang pagpupursigi sa buhay | Pagguhit ng imahe, Pagpapaliwanag at pagbabahagi, Pagtatala | Maliliit na piraso ng papel, panulat at/o gamit sa paguhit, Manila paper, masking tape |
| **Aralin 2: Mga suliranin at hadlang sa pagtupad ng pangarap para sa mga bata** | 1. Matukoy ang mga sitwasyon na tinutukoy nilang mga hadlang sa pag-abot ng kanilang mga pangarap para sa kanilang mga anak;<br>2. Maipaliwanag ang kaugnayan ng mga natukoy na hadlang na maaaring sanhi at ugat ng *child labour*. | Mga suliranin at hadlang sa pag-abot ng pangarap na maaaring sanhi upang ang mga bata ay mapunta sa *child labour* | Talakayan | |
| **Aralin 3: *Child labour* at *child work*** | 1. Mabigyang-kahulugan ang konsepto ng *child labour*; at<br>2. Matukoy ang pagkakaiba ng *child labour* at *child work*. | Kahulugan at pagkakaiba ng *child labour* at ng *child work*; Paglilinaw sa mga maling paniniwala tungkol sa *child labour* | Laro, Pagsusuri, Lektura | Piraso ng papel na naglalaman ng iba't-ibang klase ng trabaho ng bata, masking tape, listahan ng mga maling paniniwala sa *child labour* |

| Pamagat ng aralin | Mga layunin | Nilalaman | Pamamaraan | Mga kailangang materyales |
|---|---|---|---|---|
| **Sesyon 2: Epekto ng *child labour*<br>Haba ng sesyon: 1 oras at 45 minuto**<br>Layunin ng sesyon:<br>1. Mapalalim ang pag-unawa sa mga sanhi ng *child labour*;<br>2. Matukoy ang epekto ng *child labour* sa mga bata, pamilya, komunidad at bansa; at<br>3. Maunawaan na ang *child labour* ay dapat nang wakasan upang maisulong ang Karapatang Pambata. | | | | |
| **Aralin 1: Mga sanhi ng *child labour*** | Mapalalim ang kaalaman sa mga sanhi ng *child labour*. | Sanhi ng *child labour* | *Charades* o Pinoy Henyo | Listahan ng mga sanhi ng *child labour* sa komunidad |
| **Aralin 2: Mga epekto ng *child labour* sa bata, pamilya, komunidad at bansa** | 1. Mailahad ang mga epekto ng *child labour* sa iba-ibang aspeto sa buhay ng bata tulad ng edukasyon, kalusugan at panlipunang pag-unlad, atbp.;<br>2. Matukoy ang epekto ng *child labour* sa pamilya, sa komunidad at sa lipunan; at<br>3. Mabuo na ang *child labour* ay nakahahadlang sa pagsulong ng karapatang pambata at marapat itong wakasan. | Masasamang epekto ng *child labour* sa bata, sa kanyang pamilya, komunidad at bansa | Pagguhit, Pagsusuri | Papel na may malaking larawan ng buong katawan ng isang bata, panulat, *masking tape*<br>*Manila paper* na may guhit ng puno, panulat |

| Pamagat ng aralin | Mga layunin | Nilalaman | Pamamaraan | Mga kailangang materyales |
|---|---|---|---|---|
| **Sesyon 3: Pagtugon sa *child labour***<br>**Haba ng sesyon: 2 oras at 5 minuto**<br>Layunin ng sesyon:<br>1. Matukoy ang mga programa at serbisyong ipinaatupad sa kanilang komunidad na lumalaban sa *child labour*;<br>2. Maglista ng mga aksyon na kaya nilang gawin bilang mga magulang at miyembro ng komunidad upang wakasan ang *child labour*; at<br>3. Bumalangkas ng plano kung paano magkakaisa ang komunidad laban sa *child labour*. | | | | |
| **Aralin 1: Ang aking tugon bilang magulang** | 1. Maunawaan ang kanilang tungkulin upang masigurado na ang kanilang anak ay ligtas, malusog at pumapasok sa paaralan.<br>2. Maglista ng mga posibleng aksyon at gawain na maaari nilang maisagawa bilang mga magulang upang masigurado na kanilang mailalayo ang kanilang mga anak sa *child labour*. | Mga plano ng mga magulang upang wakasan ang *child labour* sa kanilang pamilya at komunidad | *World Café*, Talakayan; Sariling pagpaplano | *Manila paper, meta cards*, panulat, pandikit, mga likhang-sining na nabuo sa Sesyon 1 Aralin 1 |
| **Aralin 2: Mga inisyatibo at aksyon laban sa *child labour*** | 1. Matalakay ang mga programa at serbisyo ng pamahalaan na ipinatutupad sa kanilang komunidad;<br>2. Maunawaan ang benepisyo ng mga ganitong programa sa kanilang pamilya at komunidad.<br>3. Bumalangkas ng plano kung paano magkakaisa ang komunidad laban sa *child labour*. | Pagtalakay ng mga programa at serbisyo ng pamahalaan at iba pang sektor na umaaksyon laban sa *child labour* at ang kapakinabangan ng mga ito para sa mga pamilya at komunidad | Pagtatala, Talakayan, Pagpaplano ng grupo/komunidad | Piraso ng papel, panulat, pandikit, talaan ng mga programa at serbisyo tungkol sa *child labour* |



©UN4U/A. Agaban

## Sesyon 1:

# Alamin at unawain ang *child labour*

Ipakikilala ng sesyong ito ang konsepto ng *child labour* sa mga kalahok at kung paano ito naiiba sa *child work*. Kabilang ng sitwasyon ng *child labour* sa buong bansa, ilalahad rin sa sesyong ito ang mga pinakamalalang uri ng *child labour*, ang batas para dito, at ang mga parusa sa mga gumawa nito, kabilang ang mga magulang, na sangkot sa *child labour*.

| | |
|---|---|
| Aralin 1: | Ang pangarap ng bawat magulang para sa anak |
| Aralin 2: | Mga suliranin at hadlang sa pagtupad ng pangarap para sa mga bata |
| Aralin 3: | *Child labour* at *child work* |


## Layunin ng sesyon:

Pagkatapos ng aralin, ang mga kalahok ay inaasahang:

1. Matukoy ang kanilang mga pangarap at hangarin para sa kanilang mga anak;
2. Matukoy ang mga sitwasyon na humahadlang sa pag-abot ng kanilang mga pangarap;
3. Mabigyang-kahulugan ang konsepto ng *child labour*; at
4. Matukoy ang pagkakaiba ng *child labour* at *child work*.

# Pampasiglang gawain: Muling maging bata

1. Hatiin ang mga kalahok sa apat na grupo.
2. Ipakita ang mga larawan sa *Flip Chart* #1 at magtalaga ng isang larawan sa bawat grupo.
3. Bigyan ng 15 minuto ang mga grupo para laruin ang mga larawang naitalaga sa kanila.
4. Pagktapos, hikayatin ang mga kalahok na magbahagi ng kanilang mga naalala at kanilang mga naramdaman habang naglalaro.



**Paalala sa tagapagpadaloy**

Ang layunin ng larawan sa *Flip chart #1* ay tulungan ang mga kalahok na sariwain ang mga larong kanilang ginawa noong sila ay bata pa. Ang mga sumusunod ang mga laro na nasa *flip chart*:

- Patintero o mataya-taya
- Bato, Bato, Pick o kilala sa tawag na jack-en-poy
- Tumbang preso
- Piko

Ipaliwanag sa mga kalahok na ang paglalaro ay isa mga naisasakripisyong karapatan ng mga bata kung sila ay biktima ng *child labour*. Palalimin ang diskusyon sa pamamagitan ng pagpapakilala ng sesyon.

# Alternatibong pampasiglang gawain: Ang kwento ng batang si Baste

1. Maglagay ng mga upuan na nakabilog. Ang dami ng upuan ay katumbas sa dami ng mga kalahok, ngunit babawasan ito ng isa. Halimbawa: Kung may 30 na kalahok, mayroong 29 upuan na nakaayos nang pabilog.
2. Sabihan ang mga kalahok na tumayo at bumilog sa mga upuan, at sila ay iyong babasahan ng isang kwento tungkol sa isang batang si Baste.
3. Ipaliwang sa mga kalahok na lumakad palibot sa mga upuan. Una-unahan silang uupo sa mga upuan sa tuwing maririnig nila ang salitang "bata" sa kwento (tulad ng lumang larong *"Trip to Jerusalem"*).
4. Ang kalahok na hindi makauupo ay matatanggal sa laro. Magtanggal ng isang upuan sa bawat ikot. (Ang bawat salitang "bata" ay isang ikot).
5. Ang mga kalahok na mananatiling nakaupo ay silang panalo sa laro.
6. Sila rin ang magmumungkahi kung anong gagawin ng mga natanggal sa laro; halimbawa ay sasayaw o kakanta.
7. Iugnay ang kwento sa tatalakaying paksa.

**Paalala sa Tagapagpadaloy**

- Gawing masigla ang paglalahad ng kwento. Maaaring lakasan o hinaan ang boses habang binabasa ang mga salitang "bata." Maaari ring bigyan ng diin ang mga salitang nagsisimula sa "ba" kahit ang salita ay hndi "bata," halimbawa: Batangas.
- Ang mga salitang may "bata" ay isinulat nang may diin *(bold letters)* upang magbigay ng paalala sa tagapagdaloy na bigyang-diin din ang pagbigkas nito.
- Sa kabilang banda, ang mga salitang may salungguhit *(underlined)* naman ang mga maaaring ipanglito sa mga kalahok. Ito ay para gawing kapanapanabik ang gawaing pampasigla.

## Ang kwento ng batang si Baste

Si Baste ay isang **bata**ng sampung taong gulang. Nag-aaral siya sa Mababang Paaralan ng Batang sa Batangas. Maliit pa lamang si Baste ay pangarap na niyang makapagtapos ng pag-aaral, maghanap ng magandang trabaho sa bayan at mapaaral ang iba pa niyang kapatid na mas **bata** sa kanya. Sa probinsya ng Batangas lumaki si Baste ngunit iniisip niya at ng kanyang mga kaba**bata** na lumikas sa Maynila dahil doon daw matutupad ang kanilang pangarap. Anim na taon pa lang ay isa nang **bata**ng manggagawa si Baste. Nagtatrabaho siya sa isang maliit na lupain kung saan siya nagtatabas ng mga **bata**ng damo sa plantasyon ng mais. Sa kanyang **bata**ng edad, nakaranas na siya ng matinding pagbabanat ng buto. Batak na batak ang kanyang munting katawan. Madalas ay hindi na siya nakakapasok sa eskwela dahil sa pagod. Maabot pa kaya ng **bata**ng ito ang kanyang pangarap na maging pinaka**bata**ng Bae sa Eat Bulaga?

# Aralin 1: Ang pangarap ng bawat magulang para sa anak

## Layunin ng aralin:

Pagkatapos ng aralin, ang mga kalahok ay inaasahang makabuo ng biswal na imahe ng kanilang mga pangarap para sa kanilang mga anak na magiging paalala kung bakit sila nagpupursigi sa buhay at handang gawin ang lahat para mabigyan ito ng magandang buhay.

## Haba ng oras

30 minuto

## Materyales

- Maliliit na piraso ng papel
- Panulat at/o gamit pangkulay
- *Manila paper*
- *Masking tape*

## Pamamaraan

- Paggguhit ng imahe
- Pagpapaliwanag at pagbabahagi
- Pagtatala

## Proseso


1. Hatiin ang mga kalahok sa grupo na may lima hanggang walong miyembro bawat isa.
2. Bawat kalahok ay magbabahagi ng kanilang pamumuhay sa pang araw-araw bilang isang pamilya, mga tungkulin at relasyon na meron sila, mga paniniwala at nakasanayan nila bilang isang pamily,at atbp. (Unang pagbabahagi).
3. Matapos ang pagbabahagi, bigyan ang bawat kalahok ng maliit na piraso ng papel at hayaan silang gumuhit ng larawan o sumulat ng mga salita na sumisimbulo sa kanilang mga pangarap para sa kanilang mga anak (tulad ng diploma bilang pagtatapos sa pag-aaral, pera para sa pagkakaroon ng magandang trabaho).
4. Matapos ang takdang oras, bigyan ng pagkakataon ang bawat kalahok na maipaliwanag o maibahagi ang mga nagawa sa kani-kanilang grupo (Pangalawang pagbabahagi). Papiliin ang grupo ng isang representante o kinatawan na

**Paalala sa tagapagpadaloy**

- Upang maihanda ang mga kalahok sa gawain, maaaring magpatugtog ng mga malumanay na awit at magbigay ng halimbawa ng mga pangarap para sa mga bata (tulad ng makapagtapos ng pag-aaral, magkakaroon ng maayos na trabaho at negosyo atbp) nang sa gayon ay makapag isip nang mabuti at maging malinaw ang kanilang mga ninanais na maabot para sa mga ito.
- Marapat ding itabi ang mga likhang sining na huling aralin sa Sesyon 3.

magbabahagi ng kanilang mga napag-usapan sa mas malaking grupo.

Sa harap ng mga kalahok, ang bawat kinatawan ay magbabahagi ng lahat ng mga napag-usapan sa kanilang grupo. Kasama dito ay ang pagkakapareho ng kanilang mga pangarap para sa kanilang mga anak at ang mga natatanging napag-usapan nila sa loob ng grupo.



5. Ipaskil sa isang pisara ang mga likhang sining nang magkakasama ang magkakaugnay o magkakatulad. Halimbawa ay pagsama-samahin ang mga pangarap patungkol sa pag-aaral o edukasyon, sa trabaho, sa pagkatao/personalidad/ katangian, at iba pa.

6. Ipakita ang *Flip chart #3* na pinamagatang *"Challenges in the realization of dreams."* Ipaliwanang na ang daanan/kalye sa larawan ay ang landas na tatahakin ng kanilang mga anak at pamilya tungo sa kanilang pangarap, at ang mga bato ay mga balakid o hadlang na kailangang malampasan ng pamilya.

## Gabay sa pagpoproseso/diskusyon

1. Ano-ano ang mga pagkakapareho at natatanging pangarap ninyo bilang magulang sa inyong mga anak?

2. Bakit ito ang iyong pangarap para sa iyong mga anak?

3. Ano ang iyong mga pinaka nilalayon o ninanais para sa iyong mga anak?

### Paalala sa tagapagpadaloy

Bigyang-diin na mahalagang alam ng mga kalahok ang sariling pangarap ng kanilang mga anak para sa kanilang sarili. Mahalagang ipaalala sa mga kalahok na tanging ang kabutihan para sa mga bata ang laging nananaig. Kaya't bilang mga magulang, mahalagang gabayan ang mga bata para matupad ang kanilang mga pangarap.

# Aralin 2: Mga suliranin at hadlang sa pagtupad ng pangarap para sa mga bata

## Layunin ng aralin:

Pagkatapos ng aralin, ang mga kalahok ay inaasahang:

1. Matukoy ang mga sitwasyon na tinutukoy nilang mga hadlang sa pag-abot ng kanilang mga pangarap para sa kanilang mga anak; at
2. Maipaliwanag ang kaugnayan ng mga natukoy na hadlang na maaaring sanhi at ugat ng *child labour*.

**Paalala sa tagapagpadaloy**

- Mahalagang maiugnay ang mga balakid/suliranin/hadlang na iyon bilang mga sanhi ng *child labour*.
- Palalimin ang diskusyon ng mga kalahok at palutangin ang mga ugat na sanhi ng *child labour* sa pamilya at komunidad.
- Maaaring maglatag ng iba pang makatanungan kung kinakailangan.

## Haba ng oras

15 minuto

## Materyales

- *Flip chart*
- Maliliit na piraso ng papel
- Panulat at/o gamit pangkulay
- *Manila paper*
- *Masking tape*

## Pamamaraan

- Paggguhit ng imahe
- Pagpapaliwanag at pagbabahagi

## Proseso

1. Tanungin ang mga kalahok kung ano, sa tingin nila, ang nakahahadlang o nakasasagabal sa kanila at sa kanilang mga anak sa pag-abot ng kanilang mga pangarap.
2. Kung ang mga kalahok ay handa na sa kanilang naiisip, ipaguhit o ipasulat sa kanila ang mga ito sa piraso ng papel. Ipapaskil ang mga ito sa pader na katapat ng kanilang mga pangarap na nagawa nila sa Aralin 1.
3. Buksan ang sesyon para sa isang malayang talakayan. Hikayatin ang mga kalahok na magbahagi ng kanilang mga ideya sa grupo.
4. Maaaring makatulong sa pagpapadaloy ng malayang talakayan ang mga sumusunod na katanungan sa ibaba.

## Gabay sa pagpoproseso/diskusyon

1. Bakit ninyo nakikitang mga hadlang/balakid/suliranin ang mga ito sa pag-abot ng inyong mga pangarap?
2. Sa paanong paraan makatutulong ang inyong mga anak upang malutas ang mga suliraning ito?
3. Ano sa palagay ninyo ang maaaring kaugnayan ng mga suliranin at balakid na nabanggit sa mga kabataang nagtratrabaho para kumita? Maaari bang ito ang mga sanhi ng *child labour* na nangyayari sa mga pamilya at komunidad?

## Gabay sa lektura at talakayan

Likas sa mga magulang ang mangarap para sa kanilang mga anak at ang mga pangarap na ito ang nagsisilbing sandigan at inspirasyon upang magpursigi sa buhay. Ngunit maraming aspeto ang nakakaapekto sa kanilang pang-araw-araw na desisyon sa buhay na maaaring nakahahadlang sa pag-abot ng mga pangarap na ito. Ilan sa mga aspetong ito ay ang mga sumusunod:

- Indibiduwal (mga magulang bilang nagpapatakbo ng tahanan) – mga paniniwala, mga nakasanayan at nakaugalian na kung saan ay pumipigil para ganap na umunlad ang potensyal ng mga bata.
- Problema sa pamilya
    - Pagkakasakit ng magulang o ng miyembro ng pamilya na maaaring magtrabaho
    - Hindi maayos na relasyon ng mag-anak
    - Kawalan ng suporta at pagpapalakas ng loob ng bawat miyembro ng pamilya sa isa't isa.
    - Karahasan na nagaganap sa loob ng tahanan
- Kahirapan
    - Kawalan ng trabaho at/o hindi sapat na kinikita sa trabaho
    - Kawalan ng permanente o regular na pagkakakitaan
    - Kawalan ng mga ari-arian tulad ng lupa, mga hayop sa pagsasaka, o iba pang mga bagay na na maaaring mapagkunan ng kita sa panahon ng kagipitan.
- Problema sa komunidad o sa lipunan
    - Kawalan o kakulangan ng mga serbisyong panlipunan gaya ng ospital, paaralan, at iba pa
    - Karahasan o kaguluhan sa komunidad impluwensiya dulot ng mga bisyong laganap sa komunidad (sigarilyo, droga, sugal)
    - Kawalan ng proteksyong panlipunan (gaya ng suporta o insurance para sa mga biglaang pangyayari gaya ng pagkakasakit at iba pa)

Ang mga magulang ay dapat na mapaalalahanan na sila ang may responsibilidad sa pagsusulong ng karapatan ng kanilang mga anak. Nawa ay hindi mawaglit sa mga magulang ang mga pangarap nila na magandang buhay para sa kanilang mga anak na nagsisilbing inspirasyon at motibasyon sa kanilang pagpupursigi sa buhay.

Higit ding mahalaga na kilalanin ng mga magulang ang sariling pangarap ng kanilang mga anak, at nawa, ito ay suportahan nila lalo na at ito ay para sa pag-unlad ng kanilang mga anak. Ngunit ang karamihan ng mga pangarap na ito ay nahahadlangan ng mga balakid na nabanggit. Sa mga balakid na ito, ang madalas na nakikitang solusyon ng iba ay pagtrabahuin ang kanilang mga anak – ang tinatawag na *child labour*. Ngunit ano nga ba ang *child labour* at bakit ito masama para sa mga bata? Tatalakayin ito sa susunod na aralin.

## Paalala sa tagapagpadaloy

Bilang akma sa mga natutunan o nakuha sa mga nakaraan na FDS topic patungkol sa *"Protecting the rights of the child"*. Maaring ipaliwanag dito na ang *child labour* ay isang paglabag sa karapatang pambata o *"Rights of the child"* sapagkat ito ay nagpapakita ng ibat' ibang suliranin sa kanilang proteksyon at pag-unlad.

Para sa karagdagan kaalaman, ang mga sumusunod ay ang apat na kategorya at ang sampung karapatan ng isang bata:

**Apat na kategorya ng karapatan ng bata:**

1. Mga karapatan kaligtasan ng buhay *(Survival rights)* – Ang karapatan na mabuhay at mabigyan ng pangunahing pangangailangan (halimbawa: maayos na pamumuhay, tirahan, pangkalusugan, at pagpapagamot)

2. Mga karapatan na pag-unlad *(Development rights)* – Ang karapatan ng mga bata na umunlad sa kanilang kakayahan (halimbawa: sa pag-aaral, sa paglalaro at paglilibang, sa mga aktibidad pang kultura, pag-alam sa mga impormasyon at malayang pag-iisip, konsensya at relihiyon)

3. Mga karapatan ng paglahok *(Participation rights)* – Ang karapatan na pumapayag sa mga bata na magkaroon ng aktibong tungkulin sa kanilang komunidad (halimbawa: kalayaan magbahagi ng kanilang mga opinyon, magsalita sa mga bagay na nakakaapekto sa buhay nila, pakikilahok sa mga samahan)

4. Mga karapatan na proteksyon *(Protection rights)* –Ang karapatan na napaka halaga para masigurado ang kaligatasan ng mga bata sa anumang uri ng pang-aabuso, pagpapabaya at pagsasamantala (halimbawa: espesyal na pag-aalaga para sa mga batang *refugee*, proteksyon laban sa *armed conflict, child labour, sexual exploitation, torture,* at *drug abuse)*

### Paalala sa tagapagpadaloy

**Sampung Karapatan ng mga Bata**

1. Karapatan na maisilang at magkaroon ng pangalan at nasyunalidad
2. Karapatan na magkaroon ng tirahan at pamilyang mag aaruga
3. Karapatan na manirahan sa isang payapa at tahimik na pamayanan.
4. Karapatan na magkaroon ng maganang pagkain, mabuting kalusugan at malakas na pangangatawan
5. Karapatan na makapag-aral at magkaroon ng magandang edukasyon
6. Karapatan na mabigyan ng pagkakataon na makapaglaro at maglibang
7. Karapatan na mabigyan ng proteksyon laban sa mga abuso, mapag samantala at karahasan.
8. Karapatan na maipagtanggol at mapagsilbihan ng pamahalaan.
9. Karapatan maipahayag ang sariling pananaw at opinion.
10. Karapatan sa pag-alam ng mga impormasyon na may kaugnayan sa kanilang karapatan bilang bata at tao.

Bukod dito, upang mapalalim ang mga puntos ng aralin na ito, magbahagi ng kuwento na nangyayari sa reyalidad kaugnay ng mga nabanggit sa Gabay sa lektura at talakayan.

# Aralin 3: Ang *child labour* at *child work*

## Layunin ng aralin:

Pagkatapos ng aralin, ang mga kalahok ay inaasahang:

1. Mabigyang-kahulugan ang salitang *child labour*; at
2. Matukoy ang pagkakaiba ng *child labour* sa *child work*.

## Gawain 1: *Child labour* at *child work*

## Haba ng oras

45 minuto

## Materyales

- Piraso ng papel na naglalaman ng iba't-ibang klase ng trabaho ng bata
- *Masking tape*
- Listahan ng mga maling paniniwala sa *child labour*

## Pamamaraan

- Laro
- Pagsusuri sa pagkakaiba ng *child labour* at *child work*
- Lektura

## Proseso

1. Hatiin sa dalawang grupo ang mga kalahok.
2. Magbigay sa bawat grupo ng mga piraso ng papel na naglalaman ng iba't-ibang klase ng trabaho ng bata. Ilang halimbawa ay pagwawalis sa bakuran, pagsasaing ng bigas, paggawa ng paputok, pag-aayos ng kable ng kuryente, pag-aalaga sa kapatid, pagpapaligo sa alagang hayop, pag-aalaga sa sanggol na kapatid, pagbubuhat ng mga mabibigat na sako ng produkto papunta sa palengke, at iba pa.
3. Hikayatin ang grupo na ihanay ang kanilang mga ginawa ayon sa *"child work"* o *"child labour."* Maglaan ng limang minuto para dito.
4. Matapos ang takdang panahon, maglaan ng pagkakataon na maipaliwanag ng isang kinatawan ng grupo ang kanilang sagot.

**Paalala sa tagapagpadaloy**

- Basahin ang RA 9231 o ang batas tungkol sa *child labour* upang maging handa sa mga tanong na maaaring magmula sa mga kalahok. Makabubuti rin na magsama ng *resource speaker* na maaaring magpalalim sa nasabing batas.
- Tunghayan ang "Mga Sangguniang Babasahin" sa dulo ng Modyul na ito para sa iba pang materyales na maaaring pag-aralan patungkol sa *child labour* at pinaka malalang uri ng *child labour*.

## Gabay sa pagpoproseso/diskusyon

1. Ano ang inyong naging batayan sa paghahanay ng mga gawaing *child labour* at *child work*?
2. Ano ang iba pang mga gawain na maaaring ikategorya na *child labour* o *child work*?

## Gabay sa lektura at talakayan

### Depinisyon ng bata *(child)*

Ang bata ay tumutukoy sa edad 17 pababa na hindi kayang alagaan at ipagtanggol ang kaniyang sarili mula sa karahasan at pagsasamantala dahil sa kanilang pisikal o mental na kondisyon.

### Depinisyon ng *child labour*

- Ayon sa batas ng Pilipinas ukol sa *child labour* o ang Republic Act 9231 *(An act providing for the elimination of the worst forms of child labour and affording stronger protection for the working child, amending for this purpose RA 7610, as amended, otherwise known as the "Special protection of children against child abuse, exploitation and discrimination act)*, ang *child labour* ay anumang uri ng trabaho o gawaing pang-ekonomiya na ginagawa ng bata na nagsasailalim sa kanya sa anumang porma ng eksploytasyon o panganib na makaaapekto sa kanyang kalusugan, kaligtasan at sa kanyang pisikal, mental at sikolohikal na pag-unlad.
- Ang *child labour* para sa batang edad 18 pababa ay ipinagbabawal sa Pilipinas. Maaaring magtrabaho ang mga bata na nasa edad 15 pataas, ngunit hindi sa mga delikadong trabaho.

### Pagkakaiba ng *child labour* at *child work*

Malaki ang pagkakaiba ng *child labour* sa *child work*. Tunghayan ang sumusunod na talaan:





**Talaan 1:**
**Kaibahan ng *child labour* at *child work***

| Child Work | Child Labour |
|---|---|
| Trabaho na naaayon sa edad at kakayanan ng bata. | Trabaho na mabigat para sa edad at kakayanan ng bata, at mapanganib para sa kanilang mental, pisikal, sosyal at moral na aspeto. |
| Trabaho na ginagawa sa limitadong bilang ng oras at hindi nakakasagabal sa pag-aaral, paglalaro at pagpapahinga ng bata. | Trabaho na ginagawa ng mahabang oras na humahadlang sa kanilang oras o oportunidad para sa pag-aaral, paglalaro at pagpapahinga, tulad na lamang ng pagtatrabaho sa mga plantasyon simula pagsikat ng araw hanggang takip-silim. |
| Trabaho na nakatutulong sa pisikal, mental at emosyonal na pag-unlad ng bata | Trabaho na nagdudulot ng kapagalan at pang-aabuso sa kalagayang pisikal, mental at emosyonal ng bata gaya ng pagtatrabaho sa pagawaan ng paputok at mga kemikal. Maaari rin itong makasagabal sa kanilang pag-aaral -- mapilitan silang pagsabayin ang pag-aaral at pagtatrabaho, madalas na lumiban sa klase o tuluyang hindi na pumasok sa eskwelahan. |

(Pinagsama-samang impormasyon mula sa mga literatura ng ilo na mahahanap sa http://www.ilo.org/ipec/facts/lang--en/index.htm)

Upang malaman kung ang gawain ng isang bata ay *child labour* ba o *child work*, maaaring gamitin ang **A-Ba-Ka-Da-E** bilang gabay:


**A**yon sa...

**B – BIGAT** (gaano ba kabigat ang gawain na ibinibigay sa bata)

**K – KARAPATAN** (may malalabag bang karaptan ng bata ang gawain na ito?)

**D –DALAS** (gaano kadalas gagawin ang trabaho?)

**E –EDAD** (naaayon ba sa edad ng bata ang gawain?)




## Pinakamalalang uri ng *child labour*

Mayroon ding dagdag na kategorya ang *child labour* ayon sa *International Labor Convention No. 182* o ang *Prohibition and immediate action for the elimination of the worst forms of child labour*. Ang tinatawag na *worst forms of child labour* o ang pinakamalalang uri ng *child labour* ang mga ito dahil ito ang mga trabaho na naglalantad sa mga batasa mga pinakamalupit na sitwasyon at peligro na maaaring kumitil ng kanilang kabataan at/o buhay. Ang tinutukoy na *worst forms* ay ang mga sumusunod:

- ***Slavery* (pang-aalipin)** – tinuturing ang bata na pag-aari at pinagtatrabaho ng labag sa kagustuhan nito
- ***Forced labour* (pamumwersa)**– pagpapatrabaho sa bata na laban sa kanyang kagustuhan, gaya ng pagiging bahagi ng armadong grupo
- ***Commercial sexual exploitation*** – pang-aabuso at pananamantala sa bata upang kumita ng pera sa pamamagitan ng pagpapatrabaho sa prostitusyon at anumang uri ng sekswal na gawain; kabilang dito ang mga batang nasasadlak sa pornograpiya
- ***Child trafficking***–ang ilegal na paglipat, pagpilit at pagpapatrabaho sa bata tungo sa eksploytasyon
- ***Illicit activities*** – pagpapatrabaho sa bata sa mga ilegal na gawain gaya ng pagbebenta ng ipinagbabawal na gamot, pagnanakaw, pamamalimos na inoorganisa ng mga sindikato, pagsama sa mga rambulan dahil sa udyok ng mga gang at/o sindikato
- ***Hazardous child labour*** – pagpapatrabaho sa bata kung saan nahaharap siya sa peligro o mga delikadong sitwasyon gaya ng pagtatrabaho sa minahan, sa mga pagawaan ng paputok at pagiging batang kasambahay

Kinikilala ng batas ang kahalagahan sa pagtuturo sa mga kabataan na matuto ng mga gawaing kanilang kakailanganin sa pang-araw-araw na buhay tulad ng gawaing bahay; ngunit ang pagsasanay sa mga bata ay kailangang hindi maging hadlang sa pagtamasa nila ng kanilang mga karapatan. Nakasaad sa batas na ang mga batang 15 taong gulang pababa ay pinapayagang magtrabaho sa industriya ng pampublikong *news* at *entertainment* o sa negosyo ng pamilya. Ngunit, hindi dapat lumagpas sa apat (4) na oras sa isang araw ang kanilang trabaho, at hindi dapat lumabag sa karapatang pambata.

Ang usapin ng *child labour* ay usapin ng karapatan ng bata. Sa ating bansa, kinikilalang ang mga bata ay may karapatang kilalanin bilang mamamayan ng bansa, mahalin at arugain ng kanyang mga magulang, makapag-aral, makapaglaro, mailigtas sa sitwasyon ng sakuna, maging malusog,

mapaunlad ang kanyang sarili at makilahok sa mga usaping makakaapekto sa kanyang sarili. Ang lahat ng mga karapatang ito at iba pa ay maaaring makompromiso kung ang bata ay nasa *child labour*.

### Gabay sa Pagtatalakay sa *Flip Chart #6*



- ***Hazardous child labour.*** Ang larawang ito ay nagpapakita ng isang batang lantad sa mga mapanganib na kemikal mula sa pagsasaka na maaaring maglagay sa bata sa panganib sa kanyang kalusugan, kaligtasan at moralidad.



- ***Illicit activities.*** Sa ilalim ng *Convention 182*, ang ipinagbabawal na gawain ay isa sa mga pinakamalala *(worst)* na uri ng *child labour*. Ang larawan ay nagpapakita ng batang mandurukot. Ang paggamit ng mga bata para sa mga ipinagbabawal na gawain ay hindi lamang usapin sa batas pambata *(juvenile justice)* kundi kailangang pag-usapan ang kabuuan nito upang masugpo ang ugat ng problema.



- ***Slavery* o Pang-aalipin.** Ang pang-aalipin sa bata ay isang pagsasamantala sa kanila para sa kapakinabangan ng iba. Ang larawan ay nagpapakita ng mga batang pilit na isinasakay sa isang sasakyan kahit ayaw nila.



- ***Commercial Sexual Exploitation.*** Ito ang sekswal na pananamantala sa mga bata kapalit ng bayad. Tulad ng ipinapakita ng larawan, ang isang bata ay pinaghuhubad sa harap ng *camera* kapalit ng bayad.

## Ilang imahe ng *child labour* sa Pilipinas

### Gabay sa pagtatalakay sa *Flip Chart #7* :



- ***Mining* o pagmimina** – Tulad ng nasa larawan, ang mga batang sumasama sa pagmimina ay nakalantad sa mga mapanganib na mga kemikal tulad ng *mercury* para sa paghahanap ng ginto.



- ***Fishing* o pangingisda** – Ang mga bata na sumasama sa pangingisda ay maaaring malantad sa panganib ng pagbubuhat ng mabibigat, pagsisisid, o muro-ami. Maaaring mapahamak ang pandinig ng mga batang nasa ganitong klase ng gawain. Maaari rin silang masaktan sa pagkakahulog, pag-atake ng pating, pagkagat ng ahas at pagkalunod.[1]

[1] Addressing the Exploitation of Children in Scavenging (Waste Picking): a Thematic Evaluation of Action on Child Labour http://www.bvsde.paho.org/bvs, Ocotber 2004, p. 3

Gabay sa pagtatalakay sa *Flip Chart #7* :

- ***Scavenging* o pagpili ng basura** – Sa ilang bahagi ng bansa, tinatawag itong "pangangalakal" ng mga materyales na maaari pang magamit. Ito ay kadalasang nakukuha sa legal at ilegal na tapunan ng basura. Sa gawaing ito, ang mga bata ay nalalantad sa mga mapanganib na kemikal tulad ng *methane* o mga masangsang na amoy mula sa mga basura.[2]






- ***Farming* o pagsasaka** – Maraming mga mabibigat na gawain ang napapaloob sa pagsasaka tulad ng pagtatabas ng damo, pag-aararo, paggawa ng irigasyon, at pangangalaga sa mga pananim. Sa mga gawaing ito, ang mga bata ay maaaring mapalapit at malantad sa mapaminsalang pataba at *pesticides* gayundin ang pagbubuhat ng mabibigat na masama sa kanilang pangangatawan.

## Ang *child labour* sa Pilipinas

Ayon sa pagsisiyasat ng Philippine Statistics Authority patungkol sa mga bata edad 5-7 taong gulang sa bansa noong 2011, ang mga sumususnod ay ilan sa mga resulta:




Makabubuti ring malaman ang mga parusa na ipinapataw sa mga lumalabag sa mga probisyon ng RA 9231:

- Para sa mga maypagawa o *employer* na lumabag sa *Section* 12, 12-a and 14 ay maaaring makulong ng anim (6) na buwan at isang (1) araw hanggang anim (6) na taon o multa na hindi bababa ng PHP 50,000.00 ngunit hindi lalabis ng PHP 300,000.00, o pareho, depende sa desisyon ng korte.

- Para sa mga maypagawa o *employer* ng mga bata na nasa pinakamalalang uri ng *child labour* o *worst forms of child labour* ay maaaring makulong ng labindalawa (12)

[2] UNFAO and ILO, Guidance on addressing child labour in fisheries and aquaculture, http://www.fao.org/docrep/018/i3318e/i3318e.pdf

at isang (1) araw hanggang sa habambuhay na pagkakakulong o multa na PHP 100,000.00 hanggang PHP 5,000,000.00, o pareho, depende sa desisyon ng korte.

- Para sa mga magulang at legal na taga pag-alaga, maaari silang magbayad ng multa na hindi bababa sa sampung libo (10, 000) pero hindi lalagpas sa isang daang libo (100,000) o maaaring maatasan na maglingkod sa komunidad na hindi bababa sa tatlumpung (30) araw pero hindi lalagpas ng isang (1) taon. Ito ay para sa mga magulang o taga pag-alaga na lumabag sa batas ng tatlong (3) beses. Bukod dito ay maaari rin silang makulong ng tatlumpung (30) araw pero hindi lalagpas ng isang (1) taon. Ito ay ayon sa desisiyon ng korte para sa mga magulang at tagapag-alaga na lumabag sa batas ng tatlong beses.

## Gawain 2: Mga paniniwala tungkol sa *child labour*

### Haba ng oras

30 minuto

### Materyales

- Listahan ng mga paniniwala tungkol sa *child labour*;
- Sisidlan
- Piraso ng papel na nagsasaad ng mga paniniwala tungkol sa *child labour*

### Pamamaraan

- Laro
- Pagsusuri
- Lektura

### Proseso

1. Ipakita sa mga kalahok ang listahan ng mga pananaw sa *child labour*. Maaari ninyong gamitin ang *Flip chart #10*.
2. Ihanda ang mga kalahok para sa isang talakayan. Hikayatin ang bawat kalahok na sila ay malayang makapagpapahayag ng kanilang saloobin at sila ay maging bukas sa pakikinig sa kapwa kalahok.
3. Isa-isang basahin ang mga paniniwala at bigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na kanilang maipahayag at maipaliwanag ang kanilang pananaw o paniniwala ukol sa *child labour*. Maging sensitibo sa mga pananaw ng mga kalahok upang maintindihan ang mas malalim na dahilan kung bakit nagpapatuloy ang *child labour* sa kanilang komunidad.
4. Bilang tagapagpadaloy, huwag maghayag ng pagpapatibay *(affirm)* o pagkontra *(negate)* sa mga paniniwala ng mga kalahok ukol sa *child labour*. Hayaan ang mga kalahok na maging malaya sa pagpapahayag ng kanilang pananaw o paniniwala ukol sa *child labour*.
5. Ang pagbibigay o pagbabahagi ng mga alternatibong impormasyon (base sa talaan sa ibaba) ay nararapat na isagawa sa bahagi ng lektura at talakayan.

## Alternatibong aktibidad

1. Ilagay sa isang sisidlan ang ilang piraso ng papel na naglalaman ng mga karaniwang paniniwala tungkol sa *child labour* na nakalista sa talaan sa "Gabay sa lektura at talakayan."
2. Pumili ng ilang kalahok na bubunot ng papel at magpapaliwanag ng kanilang pag-sang-ayon o pagkontra sa pangungusap na nakasaad sa papel.
3. Alamin din ang pananaw ng ibang kalahok tungkol sa mga paniniwalang nabanggit at sa pananaw ng kanilang kapwa kalahok.
4. Ang pagpapatibay o *validation* ng kanilang mga pananaw o opinyon ay maaaring gawin sa bahagi ng lektura at talakayan.

## Gabay sa lektura at talakayan

Ilan sa mga matagal nang pananaw at paniniwala tungkol sa *child labour* ang mga nakalagay sa talaan. Mahalagang maipaunawa sa mga magulang ang alternatibong pananaw upang mabago ang kanilang isipan tungkol dito at mahikayat silang maging bahagi ng pagtutol laban sa *child labour*.

**Talaan 2: Mga karaniwang paniniwala tungkol sa *child labour***

| Mga paniniwala | Mga katotohanan |
|---|---|
| Nasa matinding kahirapan ang pamilya at kung hindi magtatrabaho ang bata, mamamatay kami sa gutom. | Higit na maliit ang kita ng bata sa trabaho kumpara sa kita ng mas nakatatandang miyembro ng pamilya. Bukod dito, ang mga taong hindi nakapagtapos sa pag-aaral ay mas maliit ang kita kumpara sa may mga diploma o nakapagtapos. |
| Sinasanay ko lang ang bata upang maging handa siya na maging manggagawa sa kanyang pagtanda. | Maraming paraan upang matutunan ng bata ang mga mahalagang kasanayan sa pagtatrabaho, ngunit hindi kinakailangan na maging *child labourer*. |
| Bahagi ng aming katutubong kultura ang pagpapatrabaho sa bata. | Marapat na timbangin ng mga magulang kung ang kanilang kultura ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang anak o nakahahadlang sa kanyang paglago bilang miyembro ng kanilang komunidad. |
| Mas madaling makahanap ng trabaho ang bata kaysa sa mga mas nakatatanda. | Kumukuha ng mas batang trabahador ang mga namumuhunan dahil mas mura ang bayad at maaari silang pagtrabahuin nang mas matagal dahil hindi sila sakitin at hindi mareklamo. Kung walang batang mahihikayat na mag trabaho sa mabibigat na gawain ang mga namumuhunan, ay walang magagawa kundi piliin ang mas nakatatanda. |
| Mahal magpaaral ng bata at wala kaming pera para dito. | Libre ang edukasyon sa pampublikong paaralan sa elementarya at mataas na paaralan. Marami ring programa ang pamahalaan at ang iba pang mga institusyon para masuportahan pa lalo ang edukasyon ng mga bata. |

**Talaan 2: Mga karaniwang paniniwala tungkol sa child labour (pagpapatuloy...)**

| Mga paniniwala | Mga katotohanan |
|---|---|
| Mas gusto ng bata na magtrabaho kaysa mag-aral. Wala akong magagawa bilang magulang. | Ang mga bata ay wala pang masyadong karanasan sa buhay at may kakulangan pa sa matalinong pagdedesisyon. Tungkulin ng magulang na gabayan ang kanilang mga anak na gumawa ng mga desisyon nang may talino at pagtitimbang sa mga kahihinatnan nito. Mahalagang ipaintindi sa mga bata ang kapakinabangan ng edukasyon sa magiging trabaho nila sa kanilang pagtanda.<br><br>Maaari ring kausapin ng mga magulang ang mga guro sa paaralan kung may problema ang mga bata sa pag-intindi ng mga aralin. |
| Kapag may trabaho ang bata, sigurado na ang kinabukasan ng aming pamilya | Walang kasanayan ang bata sa trabaho. Ang mga trabahong binibigay sa bata ay mabababang uri at walang puwang sa pagpapaunlad. Kahit pa limang taon na syang nagtatrabaho, mananatiling mababa ang kanyang kikitain at hindi makatutulong sa kinabukasan ng pamilya. Magpapatuloy lamang ang siklo ng kahirapan ng pamilya. |
| Natutuwang magtrabaho ang aking anak. Bakit ko siya pipigilan? | Sa *child labour*, hindi nabibigyan ng pagkakataon ang bata na maglaro, magpahinga, mag-aral at maglibang. Tinatanggal ng trabaho ang kanyang pagiging bata at ang kanyang panahon na maging bata. Maaaring sirain ng trabaho ang kanyang kalusugan at buong pagkatao. Bilang magulang, kailangan mo syang pigilan na magtrabaho upang maibalik ang nawalang oras ng kanyang kabataan, masiguro ang kanyang kalusugan at maprotektahan ang kinabukasan ng bata at ng inyong pamilya. |
| Nasa ligtas na kalagayan naman ang aking anak dahil kasama ko siyang nagtatrabaho | Marapat na timbangin ng mga magulang kung ang pagsama sa mga bata sa delikadong gawain ay tunay na makabubuti sa kanyang paglago at pag-unlad bilang tao. Walang garantiya na ligtas ang isang bata sa isang delikadong gawain kahit pa kasama ang mga magulang dito. Maaari na ito ay may epekto din sa kanilang pisikal, emosyon at kaayusan ng pag-iisip. |

## Pagpapalalim

1. Balikan ang mga paniniwala o opinyon ng mga kalahok tungkol sa *child labour*. Muling basahin o banggitin ang kanilang mga isinulat na paniniwala. Tanungin ang mga kalahok sa kanilang mga iniisip, kung may nagbago na ba sa kanilang paniniwala?
2. Ang bahaging ito ang magbibigay hamon sa mga kalahok na baguhin ang kanilang mga nakagisnang maling paniniwala ukol sa *child labour*.

3. Malugod na tanggapin ang mga karagdagang katanungan mula sa mga kalahok.

## Paglalagom

Bigyang-diin ang mga sumusunod na puntos bilang paglalagom ng sesyon:

- Mabuting mangarap para sa ating mga anak. Lalo tayong magpursigi bilang mga magulang upang maabot ang pangarap ng mga bata.
- Ang *child work* ay legal na gawain ng bata samantalang ang *child labour* ay ipinagbabawal ng batas.
- Tandaan ang A-Ba-Ka-Da-E ng *child labour*: suriin kung ang gawain ay ayon sa bigat, karapatan, dalas, edad ng bata.
- Mabuting turuan ang mga bata sa mga kasanayan na makatutulong sa kanila upang umunlad, ngunit huwag hayaan na ang mga gawaing ito ay makahadlang sa kanilang mga batayang karapatan.
- Muli nating pag-isipan bilang mga magulang ang ating mga pananaw tungkol sa *child labour*. Ang mga paniniwalang ito ay may direktang implikasyon sa kinabukasan ng ating mga anak.

**Paalala sa tagapagpadaloy**

Linawin ang bawat nabanggit na mga paniniwala at magbigay ng halimbawa ng kuwento kung kinakailangan.

## Takdang aralin

Hikayatin ang mga kalahok na maglista ng iba't ibang epekto ng *child labour* sa mga bata, sa kanilang pamilya, komunidad at sa bansa.




© ILO/M. Rimando

## Sesyon 2:
# Epekto ng *child labour*

Ang sesyong ito ay naglalarawan ng epekto ng *child labour* sa mga kabataan at kung paano ito nakaaapekto sa mga pamilya, komunidad at bansa. Ang sesyong ito ay nagpapakita rin na ang *child labour* ay nakasasama dahil sa pagyurak niyo sa kaapatang pambata tungo sa pamumuhay, pag-unlad, proteksyon at pakikilahok.

| | |
|---|---|
| Aralin 1: | Mga sanhi ng *child labour* |
| Aralin 2: | Mga epekto ng *child labour* sa bata, pamilya, komunidad at bansa |

## Layunin ng sesyon:

Pagkatapos ng aralin, ang mga kalahok ay inaasahang:

1. Mapalalim ang pag-unawa sa mga sanhi ng *child labour*;
2. Matukoy ang epekto ng *child labour* sa mga bata, pamilya, komunidad at bansa; at
3. Maunawaan na ang *child labour* ay dapat nang wakasan upang maisulong ang karapatang pambata.

# Aralin 1: Mga sanhi ng *child labour*

## Layunin ng aralin

Pagkatapos ng aralin, ang mga kalahok ay inaasahang mapalalim ang kaalaman sa mga sanhi ng *child labour*.

## Haba ng oras

30 minuto

## Pamamaraan:

*Charades*

## Proseso:

1. Ipaliwanag kung ano ang larong *charades* – isang laro kung saan ang mga kalahok ay huhulaan ang salita o parirala mula sa aksyon ng kanilang kasama sa grupo na hindi nagsasalita.
2. Maghanda ng hindi bababa sa dalawang pahuhulaan sa bawat grupo. Ang mga salita o parirala na pahuhulaan ay ang mga sanhi ng *child labour* na napag-usapan sa nakaraang sesyon.
3. Hatiin ang mga kalahok sa apat na grupo (na may pantay-pantay na bilang ng miyembro sa bawat grupo).
4. Kumuha ng isang aktor sa bawat grupo. Hindi pwedeng magpahula ang isang aktor ng higit sa isang beses.
5. Bigyan ng tatlong minuto ang bawat grupo sa bawat pagkakataon. Isang tamang sagot ay magbibigay sa grupo ng isang puntos. Kapag hindi nahulaan ng grupo ang tamang salita/parirala sa loob ng takdang oras, hindi sila magkakaroon ng puntos. Sa halip, ang ibang grupo ay maaaring mabigyan ng pagkakataon na magbigay ng tamang sagot katumbas ang isang puntos.

**Paalala sa Tagapagpadaloy**

- Para sa mga ipapahula sa *charades*, maaaring sumangguni sa mga isinagot ng mga kalahok sa nakaraang sesyon.
- Palutangin sa mga kalahok na ang mga hadlang na nabanggit ay ang mga sanhi ng *child labour*.

## Gabay sa pagpoproseso/diskusyon

1. Ano ang naramdaman ninyo matapos ang laro?
2. Maaari bang ang mga pinahulaan ay ang mga sanhi ng *child labour*?
3. Naipakikita ba ng mga nabanggit ang reyalidad sa pamilya at pamayanan?
4. Maliban sa mga nabanggit, ano pa kaya ang iba pang mga sanhi ng *child labour*?

## Gabay sa lektura at talakayan

Ang *child labour* ay maaaring mag-ugat sa maraming bagay tulad ng mga sumusunod:

- Kahirapan – ito ang iniisip na pinakasanhi kung bakit ang mga kabataan ay nagtatrabaho sa mga mapang-abuso at hindi nararapat na trabaho.
- Mga tradisyon ng pamilya; pang-aabuso sa bata; kakulangan sa paaralan at *day care*; kaulangan sa serbisyong panlipunan tulad ng pangkalusugan; mga paniniwala ng publiko na nagwawalang-bahala sa mga kapahamakan ng mga bata sa pagtatrabahao; mga *employe*r na walang pakialam at mga limitadong pagpipilian sa mga kababaihan
- Ang mga magulang ng mga batang nasa *child labour* ay kadalasang walang trabaho o pinagkakakitaan at desperado sa mas malaking kita. Ang mga kabataan ang mas nabibigyan ng pagkakataon sa trabaho. Ayon sa UNICEF sa kanilang *"Roots of child labour report,"* ang mga kabataan ang mga kinukuha para magtrabaho dahil mas madali silang abusuhin.
- Iba pang mga aspeto tulad ng: walang *access* sa libreng edukasyon; hindi maayos na pagpapatupad ng batas; mga lokal na batas na maraming puwang sa *exemption* o pwedeng lusutan; globalisasyon at mababang pagtrato sa mga manggagawa upang maisulong ang kapakanan ng karapatan ng mga kabataan at manggagawa

**Paalala sa Tagapagpadaloy**

Ang mga nabanggit na hadlang at suliranin sa Aralin 2 ng Sesyon 1 ay maaari ring gamitin sa pagpapalalim ng sesyong ito tungkol sa mga sanhin ng *child labour*. Palawigin ang mga halimbawa na inilahad sa itaas at magbigay ng mga kwento o istorya para mas maintindihan ng mga kalahok ang mga sanhi ng *child labour*.


# Aralin 2: Mga epekto ng *child labou*r sa bata, pamilya, komunidad at bansa

## Layunin ng aralin

Pagkatapos ng aralin, ang mga kalahok ay inaasahang:

1. Mailahad ang mga epekto ng *child labour* sa iba't-ibang aspeto sa buhay ng bata tulad ng edukasyon, kalusugan at panlipunang pag-unlad, atbp.;
2. Matukoy ang epekto ng *child labour* sa pamilya, sa komunidad at sa lipunan; at
3. Mabuo na ang *child labour* ay nakahahadlang sa pagsulong ng karapatang pambata at marapat itong wakasan.

# Gawain 1: Mga epekto ng *child labour*




## Haba ng oras

30 minuto

## Materyales

- Papel na may malaking larawan ng buong katawan ng isang bata
- Kagamitang panulat
- *Masking tape*

## Pamamaraan

- Paglilista
- Talakayan

## Proseso

1. Hatiin ang grupo sa dalawa at bigyan ang bawat grupo ng mga gagamiting materyales.
2. Paguhitin ang bawat grupo ng silweta ng isang tao tulad ng nakalarawan sa *Flip chart #11*.
3. Pagsulatin ang bawat grupo ng kanilang pananaw ukol sa epekto ng *child labour* sa bata batay sa mga sumusunod na takdang bahagi:

   a. ULO – epekto ng *child labour* sa mental at sikolohikal na aspeto ng bata

   b. DIBDIB – epekto ng *child labour* sa emosyonal na aspeto ng bata

   c. TIYAN – epekto ng *child labour* sa pisikal na aspeto ng bata

4. Bigyan ng pagkakataon ang kinakatawan ng bawat grupo na magbahagi sa plenaryo ng kanilang naging diskusyon sa grupo.

**Paalala sa Tagapagpadaloy**

- Maging sensitibo sa mga kalahok na maaaring nakaranas ng *child labour* at mayroon pa silang trauma mula sa kanilang karanasan.
- Kung mayroong kalahok na magbabanggit ng positibong epekto ng *child labour*, maaaring balikan ang Talaan 2: Mga karaniwang paniniwala tungkol sa *child labour* at bigyang-diin ang mga alternatibong impormasyon.

## Gabay sa pagpoproseso/diskusyon

1. Paano ninyo napag-isipan ang mga itinalang epekto ng *child labour*? Anu-ano ang inyong mga naging batayan o isinaalang-alang (*considerations*)?
2. Base sa inyong mga itinala, may nakita ba kayong positibong epekto ng *child labour*? Anu-ano ang mga ito?
3. May mga negatibong epekto ba ang *child labour*? Anu-ano ang mga ito?

4. Bilang magulang, ano ang inyong naramdaman pagkatapos malaman ang mga epekto ng *child labour* sa isang bata? Hahayaan ba ninyong maranasan ng inyong anak ang ganitong mga epekto ng *child labour*?

## Gabay sa lektura at talakayan

Batay sa mga pag-aaral, iba-iba ang epekto ng *child labour* sa bawat bata, ngunit naaapektuhan nito ang halos lahat ng aspeto ng kanilang buhay:


**Talaan 3: Epekto ng *child labour* sa bata**

| Aspeto | Epekto |
|---|---|
| Mental | • Nahihirapan sa mga aralin dahil sa pagod at kawalan ng pahinga kaya't hindi na nagpapatuloy sa pag-aaral<br>• Nahihirapan tumuon o mag-*focus* sa isang gawain<br> |
| Pisikal | • Payat na pangangatawan, sakitin at mabagal ang pagtangkad<br>• Maraming sugat o sakit sa balat dahil sa mga kemikal na ginagamit sa trabaho<br>• May sakit sa baga o hirap sa paghinga dahil sa polusyon sa lugar-pagawaan<br>• Hukot na likod dahil sa pagbubuhat ng mabibigat na bagay<br> |
| Emosyonal | • Mababang tingin at tiwala sa sarili takot na makipagkaibigan dahil sa kanilang pagtatrabaho sa murang edad<br>• Maaaring maging mapagmalaki dahil sa kinikitang pera<br>• Iritable dahil sa kapaguran sa trabaho<br><br><br> |
| Kinabukasan | • Ang kanilang makukuhang trabaho ay iyong may mababang sweldo lamang dahil hindi sila nakatapos ng pag-aaral;<br>• Pagiging masakitin<br>• Mawalan ng kakayahan at limitadong oportunidad na makawala sa kahirapan dahil sa kakulangan sa kasanayan, pagkakasakit o di pagtatapos sa pag-aaral |

Ang mga naitalang epekto ay mga bagay na taliwas sa pag-abot ng pangarap ng mga magulang para sa kanilang mga anak. Nawa ay makapagnilay ang mga magulang kung marapat pa nga bang iudyok sa *child labour* ang kanilang mga anak.

Marapat ding pag-isipan kung ano ang magiging epekto ng *child labour* sa komunidad at sa bansa.

## Gawain 2: Ang puno ng *child labour*




### Haba ng oras

30 minuto

### Materyales

- Manila paper na may guhit ng puno,
- Panulat
- *Masking tape*

### Pamamaraan

- Pagsusuri
- Talakayan

### Proseso

1. Hatiin ang grupo sa dalawa (2).
2. Ipakita ang *Flip chart #13* at ipaliwanag na ang puno ay sumasagisag sa mga sumusunod:
    a. Ugat ng puno o *roots* –*CHILD LABOUR*
    b. Katawan ng puno o *trunk* – PAMILYA
    c. Sanga ng puno o *branches* – KOMUNIDAD
    d. Dahon ng puno o *leaves* – BANSA
3. Tanungin ang mga kalahok ng mga sumusunod:
    a. Ano ang maaaring epekto ng *child labour* sa ating pamilya? Ilagay o idikit ang sagot sa katawan ng puno.
    b. Ano ang maaaring epekto ng *child labour* sa ating komunidad? Ilagay o idikit ang sagot sa sanga ng puno.
    c. Ano ang maaaring epekto ng *child labour* sa ating bansa? Ilagay o idikit ang sagot sa dahon ng puno.
4. Maaaring magbigay ng mga halimbawa para matulungan ang pagpapadaloy ng talakayan ng mga kalahok. (tingnan ang kahon ng “Paalala sa tagapagpadaloy”)
5. Maaaring maglagay ng kahit ilang sagot ang mga kalahok.
6. Bigyan sila ng 20 hanggang 30 minuto para sa gawaing ito.
7. Hikayatin ang mga kinatawan o representante ng bawat grupo para magbahagi ng kanilang napag-usapan sa grupo.

## Gabay sa pagpoproseso/diskusyon

1. Ano ang inyong mga nagging konsiderasyon o batayan sa gawain?
2. Anong bahagi ang pinakamahirap gawin? Bakit?
3. Sa inyong pananaw, naniniwala ba kayo na ang *child labour* ay may direktang epekto sa pamilya, komunidad, at sa pag-unlad ng bansa? Bakit o bakit hindi?

## Gabay sa lektura at talakayan

Mula sa naging gawain, maaaring sabihin na kung lalong lumalim ang ugat ng *child labour* at maabot nito ang mga bata sa mga susunod na henerasyon, asahan na ang mga pamilya, komunidad at ang bansa ay magkakaroon ng mas maraming problemang kahaharapin, madadagdagan ang kaguluhan sa lipunan na tunay na makaaapekto sa pag-unlad ng mga bata, pamilya, komunidad at ng bansa.

Maraming pag-aaral at lathalain ang nagtatala ng iba't ibang masasamang epekto ng *child labour* sa pamilya, komunidad at bansa. Narito ang ilan sa mga nabanggit:

**Ayon sa pag-aaral ni Somanova (2014):**

- Dahil hindi nahuhubog ang mga kinakailangan at mahahalagang kasanayan ng isang batang manggagawa, mahihirapan siyang makakahanap ng trabaho na may mas mataas na sweldo at dahil dito ay magpapatuloy ang siklo ng kahirapan ng pamilya
- Ang pagdami ng mura at *unskilled labour* ay makaaapekto sa lalong mabagal na pag-usad ng pagtatayo ng mga sopistikadong teknolohiya sa bansa
- Sa ibang sektor, maaaring makaapekto ang *child labour* sa sweldo ng mga mas nakatatanda kaya't lalong lalaganap ang di patas at di sapat na pasweldo sa mga manggagawa na magkakaroon ng masamang epekto sa produksiyon at kahirapan

**Ayon naman kay Villamil (2002):**

- Ang *child labour* ay makasasagabal sa pagpapaunlad ng *human capital* o yamang-tao ng isang bansa, makababawas sa panghabangbuhay na sweldo o kikitain ng mga tao, magpapababa sa antas ng produksiyon sa paggawa at makapipigil sa paglago sa ekonomiya ng bansa
- Sa pananaw na makroekonomiko, ang mga pangmatagalang epekto ng *child labour* ay ang pagpapatuloy ng kahirapan at mababang antas ng edukasyon at ang negatibong epekto sa edukasyon, kalusugan at sikolohikal na pag-unlad ng mga bata

**Ayon naman kay Lim (2002):**

- Ang paglaganap ng *child labour* ay magdudulot ng pagbaba ng *human capital*, pagbaba sa *skilled* at *educated labour*, pagbaba sa malusog at produktibong paggawa at pagbaba sa kalidad ng pwersa ng mga manggagawa.

## Paglalagom

Bigyang-diin ang mga sumusunod na puntos bilang paglalagom ng sesyon:

- Ang *child labour* ay may negatibong epekto sa halos lahat ng aspeto ng buhay ng isang bata. Mula sa pisikal, mental, emosyonal at sikolohikal na aspeto.
- Alalahanin nating mga magulang na sa kabataan nagsisimula ang mga pundasyong kasanayan, kakayanan at kamalayan ng mga bata. Huwag natin silang hayaan na magkaroon ng mahinang pundasyon.

- Hindi lamang ang ating pamilya ang apektado ng *child labour*. Hindi man nararamdaman sa ngayon, ngunit unawain din natin na ito ay magdudulot ng lalong kahirapan sa ating komunidad at bansa.
- Nawa ay makiisa ang mga magulang na tuluyang wakasan ang *child labour* sa ating bansa.

## Takdang aralin

Hikayatin ang mga kalahok na, sa kanilang pag-uwi, magtala ng mga pamamaraan kung paano maiaalis ang mga bata sa *child labour* at kung paano ito wawakasan sa kanilang komunidad.

**Paalala sa tagapagpadaloy**

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa na maaari ninyong ibahagi sa mga kalahok:

- PAMILYA – Ang pamilya ay mananatiling mahirap dahil ang mga bata ay hindi nakapag-aral at magkakaroon ng trabaho na may mababang sweldo; kung kaya't ang pamilya ang magkakaroon lamang ng kaunting sweldo.
- KOMUNIDAD – Mas maliit na kita ng komunidad dahil sa mura at hindi bihasang manggagawa dahil naman sa mga kabataang hindi nakapagtapos ng pag-aaral.
- BANSA – Ang bansa ay magiging dominado ng mga manggagawang hindi bihasa o *unskilled* at may murang paggawa *(cheap labour)* na maaaring makaapekto sa ekonomiya ng bansa. Maaabuso ang bansa sa murang pasahod sa mga manggagawa na maaaring makaapekto sa pagiging produktibo ng bansa.




## Sesyon 3:

# Aksyon laban sa *child labour*

Kasabay ng pagbibigay-kaalaman patungkol sa mga programa at serbisyong ipinatutupad sa lokalidad, ang sesyong ito ay hihikayat sa mga kalahok na magkaisa at bumuo ng mga pamamaraan upang labanan at wakasan ang *child labour* sa kanilang komunidad.

| | |
|---|---|
| **Aralin 1:** | Ang aking tugon bilang magulang |
| **Aralin 2:** | Mga inisyatibo at aksyon laban sa *child labour* |

## Layunin ng sesyon:

Pagkatapos ng sesyon, ang mga kalahok ay inaasahang:

1. Matukoy ang mga programa at serbisyong ipinatutupad sa kanilang komunidad na lumalaban sa *child labour*;
2. Maglista ng mga aksyon na kaya nilang gawin bilang mga magulang at miyembro ng komunidad upang wakasan ang *child labour*; at
3. Bumalangkas ng plano kung paano magkakaisa ang komunidad laban sa *child labour*.

# Aralin 1: Ang aking tugon bilang magulang

## Layunin ng aralin

Pagkatapos ng aralin, ang mga kalahok ay inaasahang:

1. Maunawaan ang kanilang tungkulin upang masigurong ang kanilang anak ay ligtas, malusog at pumapasok sa paaralan.
2. Maglista ng mga posibleng aksyon at gawain na maaari nilang maisagawa bilang mga magulang upang masigurong kanilang mailalayo ang kanilang mga anak sa *child labour*.

## Haba ng oras

1 oras

## Materyales

- *Manila paper*
- Panulat
- Pandikit
- Mga ginuhit na imahe mula sa Sesyon 1 Aralin 1

## Pamamaraan

- *World cafe*
- Talakayan

**Paalala sa tagapagpadaloy**

Ang *World Café* ay isang gawaing pang-grupo na nakatutok sa usapan o talastasan. Ang *Café Conversation* ay isang malikhaing proseso na tumutungo sa sama-samang pagpapanday ng dayalogo, pagbabahaginan ng kaalaman at pagbubuo ng mga aksyon ng isang grupo anuman ang bilang ng kalahok.

## Proseso

1. Maghanda ng tatlong magkakaibang pwesto sa bulwagan. Sa bawat pwesto ay maglagay ng *Manila paper* at mga panulat.
2. Magtakda ng dalawang kalahok na mananatili sa mga pwestong ito. Ang isa ay magiging tagatala samantalang ang isa ay ang tagapagpadaloy ng usapan. Ang tagatala ang maninigurado na maisusulat sa manila paper ang lahat ng mapag-uusapan sa grupo. Ang tagapagpadaloy naman ang maninigurado na ang lahat ay makikilahok sa gawain.
3. Magtalaga ng usapin o topic sa bawat pwesto o *area*:
   a. Pwesto o *Area 1* – ang aking tugon kung ako ay makakikita ng isang sitwasyon na may *child labour*;
   b. Pwesto o *Area 2* – ang aking tugon kung ang aking anak ay maituturing na nasa *child labour*
   c. Pwesto o *Area 3* – ang aking tugon upang maiwasan ang *child labour*
4. Sabihin sa mga tagatala o *documenters* na isulat sa itaas na bahagi ng manila paper ang mga usapin o *topic* na nakatalaga sa kanilang grupo.

5. Hatiin ang mga natitirag kalahok sa tatlong grupo. Ang unang grupo ay mananatili sa unang pwesto, ang pangalawang grupo sa pangalawang pwesto, at ang pangatlong grupo sa pangatlong pwesto.
6. Makalipas ang sampung (10) minuto, ang mga grupo ay lilipat sa kasunod na *area*, hanggang ang lahat ng kalahok ay nakapagbahagi. Bigyan ng tig-sampung (10) minuto ang bawat grupo sa kanilang pag-ikot sa mga pwesto o *area*.
7. Siguraduhing ang mga tagapagpadaloy at tagatala sa bawat pwesto o *area* ay sinisiguro ang partisipasyon ng lahat at naitatala ang mga pinag-uusapan.
8. Matapos na makaikot ang lahat ng mga grupo sa lahat ng pwesto o *area*, tawagin ang lahat ng mga tagapagpadaloy na ibahagi sa plenaryo ang mga nakalista sa bawat *Manila paper* at ang mga napag-usapan sa kanilang pwesto.

## Gabay sa pagpoproseso/diskusyon

1. Alin sa tatlong paksa ang pinakamahirap talakayin/sagutin? Bakit?
2. Alin sa mga ideyang naibahagi ang maaaring ilapit sa awtoridad upang masuportahan at o mabigyan ng aksyon?

## Gabay sa lektura at talakayan

Responsibilidad at pribilehiyo ng isang magulang ang maalagaan at mapalaki ng maayos ang kanyang anak kaya't marapat lamang na kumilos siya at ang iba pang magulang upang tugunan ang isyu ng *child labour*. Ilan sa praktikal na hakbang na maaaring gawin ng mga magulang ay ang mga sumusunod:

**Kapag may nalaman o nakitang sitwasyon ng *child labour*:**

- Kung kaibigan mo ang magulang ng batang nasa *child labour,* kumustahin at kausapin ang magulang at alamin ang kanilang sitwasyon
- Ibahagi sa mga magulang ng mga batang nasa *child labour* ang iyong mga natutunan sa FDS na ito ukol sa *child labour*
- Ipagbigay-alam sa *City/Municipal Link* ang sitwasyon ng bata na nasa *child labour*
- Makipag-ugnayan sa mga *Parent Leaders* upang mapagplanuhan ng grupo kung paano matutulungan ang bata o ang pamilya nito
- Anyayahan ang mga magulang ng mga batang nasa *child labour* na dumalo sa FDS

**Kapag ang anak ay isang *child labourer*:**

- Tanggalin ang bata sa trabahong ito at gamitin ang *cash grant* upang maipagpatuloy ang pag-aaral ng bata
- Ipaalam sa *City/Municipal Link* o sa barangay kung mayroon rekruter o *employer* na nagpilit na ipasok ang iyong anak sa trabaho

**Paalala sa tagapagpadaloy**

Hikayatin ang mga kalahok na sama-samang kumilos upang masugpo ang *child labour* ayon sa ginawa nilang plano.

- Makipag-ugnayan sa *City/Municipal Link* o sa *City/Municipal Social Welfare Development Office (C/MSWDO)* o sa barangay para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga programang maaari mong mapakinabangan upang madagdagan ang kinikita ng pamilya
- Gabayan ang pag-aaral ng bata. Tulungan sila sa kanilang mga takdang-aralin sa eskwela.

**Upang hindi maipasok sa *child labour* ang mga bata:**

- Makipag-ugnayan sa barangay o sa *City/Municipal Link* o sa DSWD upang malaman ang iba't-ibang programa na mayroon sa inyong komunidad na maaaring pagkakitaan ng mga magulang
- Ipaalam sa ibang mga magulang at mga pamilya sa komunidad ang iyong mga natutunan sa FDS
- Iulat sa kinauukulan (barangay, pulis, ML, DSWD, at iba pa) kung mayroong mga rekruter o *employer* na nagpapatrabaho sa mga bata
- Bumuo ng samahan o asosasyon ng mga magulang na maaaring makakuha ng mga *livelihood projects* na ipinatutupad ng lokal na pamahalaan at iba pang *socio-civic organizations* sa inyong lugar gaya ng mga Rotary Club o Jaycees.

## Aralin 2: Mga aksyon laban sa *child labour*

### Layunin ng aralin

Pagkatapos ng aralin, ang mga kalahok ay inaasahang:

1. Matalakay ang mga programa at serbisyo ng pamahalaan na ipinatutupad sa kanilang komunidad;
2. Maunawaan ang benepisyo ng mga ganitong programa sa kanilang pamilya at komunidad.
3. Bumalangkas ng plano kung paano magkakaisa ang komunidad laban sa *child labour*.

### Haba ng oras

45 minuto

### Materyales

- Piraso ng papel
- Panulat
- Pandikit

**Paalala sa tagapagpadaloy**

- Kailangang matukoy ang mga kasalukuyang programa at serbisyo sa inyong komunidad na tumutugon sa isyu ng *child labour*. Makabubuting ibahagi sa mga kalahok ang numero o *contact person* ng bawat organisasyon o opisina na nagpapatupad ng mga ito.
- Makabubuti rin kung magiging bahagi ng sesyong ito ang isang opisyal mula sa komunidad upang magbigay kaalaman tungkol sa mga programa at serbisyo kaugnay sa *child labour*.

## Pamamaraan

- Pagtatala
- Talakayan

## Proseso

1. Hatiin ang mga kalahok sa tatlong grupo at bigyan ang bawat isa ng 3 piraso ng papel at panulat.
2. Itakda na ang isang grupo ay dapat ilagay ang kanilang sarili bilang *City or Municipal Link*; ang pangalawang grupo bilang kapitan ng kanilang barangay; at ang pangatlo ay bilang konsehal ng bayan o *City/Municipal Councilor.*
3. Bigyan ng oras ang bawat grupo na pag-usapan ang kanilang sagot sa pagkumpleto ng pangungusap na:

a. "bilang (kapitan/mayor/presidente), sosolusyonan ko ang *child labour* sa pamamagitan ng ___________".

4. Hingan ang bawat grupo ng tatlong (3) kasagutan o pangungusap at ipasulat ang mga ito sa mga piraso ng papel na ibinigay.
5. Bigyan ng pagkakataon ang representante ng bawat grupo na makapagbahagi ng kanilang naging talakayan.

**Paalala sa tagapagpadaloy**

Bigyan ng pagkakataon ang lahat ng kalahok na maibahagi ang kanilang saloobin sa kung papaano sila, bilang isang grupo, makapag-aambag sa pagpuksa sa *child labour* sa kanilang komunidad. Padaluyin ang gawaing ito bilang isang *action planning*. Ang inaasahang *output* sa gawaing ito ay ang plano ng kanilang grupo kung paano nila lalabanan ang *child labour* sa kanilang komunidad na base sa kakayanan ng kanilang grupo

## Gabay sa pagpoprseso/diskusyon

1. Ano ang inyong naramdaman sa gawaing ito?
2. Ano ang inyong naging paraan para mabuo ang balangkas ng aksyon laban sa *child labour* sa inyong komunidad?
3. Bilang isang grupo ng Pantawid Pamilya, paano kayo makatutulong sa pagsugpo ng *child labour* sa inyong komunidad?
4. Anong suporta ang inyong kakailanganin para maisakatuparan ang inyong plano?

## Gabay sa lektura at talakayan

Talakayin ang iba't ibang programa laban sa *child labour* (tingnan ang listahan sa ibaba). Maaring idagdag dito ang iba pang mga programang ipinapatupad sa komunidad (barangay/ munisipyo or syudad).

Pansinin din ang pagkakahalintulad ng mga kasagutang babanggitin ng mga kalahok na kabilang na sa mga kasalukuyang programa ng pamahalaan maging ang mga ideyang maaring ilatag sa lokal na gobyerno.

Matagal nang nilalabanan ng bansa ang *child labour*, kung kaya't marami na ring mga programa ang nabuo at patuloy na pinaiigting upang tuluyang maabot ang pangarap na maging *child labour-free* ang bansa. Ilan sa mga programa ay ang mga sumusunod:

Talaan 4: Mga programa laban sa *child labour*

| Pangalan ng programa | Punong ahensya/ organisasyon na nagpapatupad | Nilalaman ng programa ukol sa child labour |
|---|---|---|
| HELP ME Convergence Programme Against Child Labor | Department of Labor and Employment (DOLE) | Ito ay pagsasama-sama ng iba't-ibang ahensya ng pamahalaan upang matugunan ang isyu ng *child labour* sa pamamagitan ng paglapit ng kanilang mga serbisyo sa komunidad. Ang mga serbisyong ito ay patungkol sa kalusugan, edukasyon, at kabuhayan para sa pagpigil, pagprotekta at prosekusyon ng *child labour*. Ang pangunahing pokus ng mga programang may kinalaman sa mga aspetong nabanggit ay ang mga lugar kung saan ipinatutupad ang pantawid at kung saan may malaking bilang ng mga batang manggagawa.<br>Makipag-ugnayan sa inyong sa *Local Labour and Employment Officer* ng inyong lugar para sa karagdagang impormasyon ukol sa HELP ME. |
| Sagip Batang Manggagawa (SBM) | DOLE | Ito ay isang mekanismo upang sagipin ang mga batang manggagawa mula sa mapanganib o mapang-abusong sitwasyon. |
| Project Angel Tree | DOLE | Isang proyekto na nagbibigay-tugon sa ilang kahilingan ng mga batang manggagawa gaya ng damit, sapatos, pagkain o gamit pang-eskwela. |
| Child Labor-Free Barangay Campaign | DOLE | Kampanya na nag-uudyok sa mga barangay na gumawa ng aksyon upang maalis nang lubusan ang *child labour* sa kanilang lugar. Binibigyan ng pagkilala ang mga barangay na walang *child labour*. |
| Child Protection Services | DSWD | Programa at serbisyo ng kagawaran na naglalayong itaguyod at masiguradong napapangalagaan ang karapatan ng mga bata. |
| Pantawid Pamilyang Pilipino Program | DSWD | Nagbibigay ng direktang *cash grants* sa mga pinakamahihirap na pamilya kapalit sa pagseguro na ang mga bata ay mananatiling malusog, nasa eskwelahan at ang mga magulang ay natututo mula sa mga FDS. |

## Paglalagom

Bigyang-diin ang mga susunod na puntos bilang paglalagom ng mga natutunan sa sesyon:

- Nagsisimula sa loob ng pamilya ang pag-aksyon laban sa *child labour*.
- Maraming kaagapay ang bawat pamilyang pilipino upang umaksyon laban sa *child labour*. Mula sa pambansa at lokal na pamahalaan, mga NGO, eskwelahan, simbahan at mismong mga kapitbahayan sa komunidad, lahat ng institusyon ay sama-samang kumikilos upang wakasan ang *child labour*.
- Tandaan ang mga numero ng mga ahensiya na maaaring makatulong upang tugunan ang mga sitwasyon na nag-uudyok at nagpaparami ng mga kaso ng *child labour* sa inyong lugar.
- Makipag-ugnayan sa mga *Parent Leader* o sa *City/Municipal Link* upang masimulang aksyunan ang kaso ng *child labour* sa inyong lugar.

Balikan ang mga iginuhit na pangarap ng mga magulang para sa kanilang mga anak mula sa Sesyon 1 Aralin 1. Ipaalala sa mga magulang ang mga pangarap na ito at iugnay sa kanilang mga marapat na gawin upang matigil ang *child labour* at mapausad ang kanilang pagkilos at pagpupunyagi upang maabot ang mga pangarap na ito.

# Bibliograpiya

Aldaba, T., Lanzona, L., & Tamangan, R. 2014. *A national policy study on child labour and development in the Philippines,* PIDS Discussion Paper Series, 2004-15, 1-64.

Beegle, K., Dehejia, R., Gatti, R., & Krutikova, S. 2008. " The consequences of child labour: Evidence from longitudinal data in rural Tanzania", *World Bank Research Digest*, 3:4, 6.

De Hoop, J. & Rosati, R. 2014. *Cash transfers and child labou*r, Understanding Children's Work Programme Working Paper Series, 1-37.

Galli, R. 2001. *The economic impact of child labour*, International Institute for Labour Studies Discussion Paper Series, 2001, 1-26.

International Labour Organization (ILO). 2015. *World report on child labour 2015: Paving the way to decent work for young people* (France).

International Programme on the Elimination of Child Labour. 2007. *Child labour wages and productivity: Results from demand-side surveys.* (Geneva, International Labour Organization).

International Programme on the Elimination of Child Labour. 2003. *Investing in every child: An economic study of the costs and benefits of eliminating child labour.* (Geneva, International Labour Organization).

Nag, S. & Arulmani, G. 2006. *Handbook for prevention of child labour for village community workers.* (India, International Labour Organization).

*RA 9231, An act providing for the elimination of the worst forms of child labour and affording stronger protection for the working child, amending for this purpose Republic act no. 7610, as amended, otherwise known as the special protection of children against child abuse, exploitation and discrimination act.* 2003. S. No. 2155. H. No. 4235.

Samanova, E. 2014. "Socioeconomic impacts of child labour", Paper presented at The 2nd Global Virtual Conference. Available at: https://www.researchgate.net/publication/263275832_Socioeconomic_impacts_of_child_labour

Understanding Children's Work Programme. 2015. *Understanding child labour and youth employment outcomes in the Philippines Country Report.*

Villamil, W. 2002. " Determinants, consequences and policy implications of child labour in the Philippines", in *The Philippine Review of Economics*, 36:2, 111-153.

White, B. 1999. " Defining the intolerable: Child work, global standards and cultural relativism", in *Childhood*, 6:1, 133-144.


Winrock International. 2008. *Best practices in preventing and eliminating child labour through education.*

# Mga sangguniang babasahin

Sa mga sumusunod na pahina ay nakatala ang iba pang literatura tungkol sa *child labour* na maaaring makatulong sa pagpapalawak ng kaalaman ng tagpagpadaloy upang mas maging epektibo sa pagbibigay ng lektura at pagpapalalim ng talakayan sa mga aralin sa modyul:

1. Proseso sa pagtugon sa mga kaso ng abuso, kapabayaan at eksploytasyon sa bata– naglalaman ng proseso sa pag-aasikaso ng mga kaso ng bata ayon sa RA 7610. Maaaring maging batayan din ito ng proseso para sa pagtugon sa mga kaso ng *child labour*.

2. Ilang bidyo tungkol sa *child labou*r – ilang piling bidyo na maaaring makatulong sa pagpapaliwanag sa reyalidad ng *child labour* sa Pilipinas.




## Proseso sa pagtugon sa mga kaso ng abuso, kapabayaan at eksploytasyon sa bata

(Binuo ng *Philippine Committee for the Special Protection of Children*, bilang bahagi ng kanilang mandato ayon sa Executive Order 53 noong 11 Agosto 2011)

# Mga maaaring ipalabas tungkol sa *child labour*

1. “Alkansya”, Dokumentaryo ni Kara David, I Witness, 2013

   Tungkol sa mga batang sumisisid ng *sea cucumber* o balatan sa Eastern Samar.

   9 minuto 49 segundo; Tagalog

   https://www.youtube.com/watch?v=DOd4PJ64gd4

2. *“A 10-year old Child’s Labor of Love and Sacrifice”, Investigative Documentaries,* 2015

   Tungkol sa mga batang lansangan sa siyudad ng Maynila

   6 minuto 38 segundo; Tagalog

   https://www.youtube.com/watch?v=WoMJ29C2W4o

3. “Batang Balau”, Dokumentaryo ni Kara David, I Witness, 2015

   Tungkol sa mga batang nangongolekta ng katas ng puno

   28 minuto; Tagalog

   https://www.youtube.com/watch?v=LndyJRbtjjY

4. *“No More Time to Play”, Philippine Center for Investigative Journalism at ILO, 2010*

   Tungkol sa iba’t-ibang uri ng *child labour* at ilang aksyon laban dito

   Isang oras; Ingles

   https://www.youtube.com/watch?v=jMO_V3Qr6DU

5. “Minsan lang sila bata”, ni Ditsi Carolino, 1996

   Tungkol sa iba’t-ibang uri ng *child labou*r sa bansa

   50 minuto 20 segundo; Tagalog

   https://www.youtube.com/watch?v=5PXscl_d7UQ

**Gabay sa Pagpapaunlad sa Pamilyang Pilipino**
**Modyul ukol sa *Child Labour***

Ang malawakang kahirapan, limitadong pagkamit ng edukasyon, at kakulangan sa pagpapatupad ng batas ay ilan sa mga dahilan ng pananatili ng problema ng pagkakaroon ng batang manggagawa sa mga rural na lugar. Ang pangmatagalang pagtanggal ng mga batang mangaggawa  sa mga ito ay nangangailangan ng solusyon sa mismong ugat na pinanggagalingan ng problema at pagpapalaganap ng disenteng trabaho para sa mga may hustong gulang. Ang pagtutulungan ng mga institusyon at taong direktang nakikipag-ugnayan sa mga lugar na ito ay isang paraan upang masolusyunan ang problema. Ang pagbibigay sa mga ito ng mga kinakailangang gamit upang sugpuin ang problema ng pagkakaroon ng batang manggagawa  ay napatunayang isa sa mga epektibong pamamaraan upang masolusyunan ang problema na naka-impluwensya sa pamilya at sa komunidad. Sa ganitong paraan, ang Pandaigdigang Organisasyon sa Paggawa o ang ILO, sa pamamagitan ng National Child Labor Committee (NCLC), ay sinuportahan ang pagsulong sa karagdagang modyul tungkol sa batang manggagawa sa umiiral na Gabay sa Pagpapaunlad ng Pamilyang Pilipino o FDS ng Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan, o DSWD. Ang modyul na ito ay nilinang bilang suporta sa mga sesyon para sa proteksyon ng mga bata ng *Family Development Sessions (FDS)* na gamit para sa mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) upang ipalaganap ang pagkakaroon ng *child labour-free* na komunidad. Ito ay magsisilbing gabay ng mga katuwang na benepisyaryo para makakuha ng sapat na kaalaman, kakayahan, at saloobin upang matukoy ang isyu ng batang manggagawa.  Bibigyang kapangyarihan nito ang mga gagamit sa a) pagpapakita ng pang unawa sa isyu ng batang manggagawa at mga epekto nito sa bata, pamilya, at komunidad; b) kilalanin ang kahalagahan ng kanilang tungkulin sa paglalaan sa mga bata ng kanilang pangunahing karapatan tulad ng edukasyon, paglalaro, at kaunlaran; k) upang maipahayag ang iba't ibang pamamaraan upang pigilan ang mga kabataan na maging batang manggagagawa; d) pag-usapan ang mga kasalukuyang programa at serbisyo laban sa paglawig ng batang manggagawa; at e) magplano ng mga hakbangin at kilos sa pagpuksa ng paglawig ng batang mangagagawa. Sa pangkalahatan, ang modyul na ito ay lalong pag-iigtingin ang paggamit sa mga umiiral na institusyon at ugnayan na makakatulong mag-udyok para sa nagkakaisang pagkilos sa pagitan ng pamilya, at komunidad, hindi lamang upang maisagawa  ang mga adhikain ng programa, kundi upang sugpin ang problema sa paglawig ng batang manggagawa sa mga mahihirap na lugar.

International Country Office for the Philippines
19th Floor Yuchengco Tower, RCBC Plaza
6819 Ayala Avenue 1200 Makati City, Philippines
Tel.  +63 2 580 9900 Fac +63 2 586 7597
Email: manila@ilo.org
www.ilo.org/manmla

978-92-2-133109-4 (print)
978-92-2-133110-0 (web pdf)